Sa Kagalang-galang na Alkalde at Konseho ng Lunsod ng San Jose:

Kami, ang mga lumagda sa petisyong ito, mga rehistrado at kuwalipikadong botante ng Lunsod ng San Jose, ay nagmumungkahi ng isang ordinansa alinsunod sa itinatakda rito sa ibaba at hinihiling na ang iminumungkahing ordinansa ay maipasa kaagad ng Konseho ng Lunsod o kaya ay mapagbotohan ng mga tao sa pinakamaagang regular o espesyal na halalan kung saan naging kuwalipikado ang petisyong ito alinsunod sa Kodigo ng mga Halalan ng California at iba pang mga naaangkop na batas. Ang teksto ng ordinansa ay nakatakda sa ibaba at sa mga kasunod na pahina.

NGAYON SAMAKATUWID, itinatakda ng mga Mamamayan ng Lunsod ng San Jose ang mga sumusunod:

**SEKSIYON 1 NG INISYATIBO – Pamagat**

Ang inisyatibong ito ay malalaman at maaaring tukuyin bilang Ang Batas sa Pagkontrol at Paglilimita sa Pangmedikal na Cannabis ng Lunsod ng San Jose.

**SEKSIYON 2 NG INISYATIBO – Mga Napag-alaman, Mga Deklarasyon, at Layunin**

A. Noong 1996, inaprubahan ng mga botante ng Estado ng California ang Panukala 215, na may pamagat na "Ang Batas ng 1996 Para sa Maunawaing Paggamit" ("Compassionate Use Act o CUA"). Ang layunin ng Panukala 215 ay bigyan ng kakayahan ang mga taong nangangailangan ng cannabis para sa mga pangmedikal na layunin na makuha at magamit ito sa ilalim ng mga limitado at partikular na layunin. Noong Enero 1, 2004 nagkaroon ng bisa ang Panukalang-batas ng Senado 420, na may pamagat na "Ang Batas sa Programa ng Pangmedikal na Marihuwana" ("Medical Marijuana Program o MMP"). Ang layunin ng MMP ay palawakin ang sakop ng CUA at pangasiwaan ang sama-samang pagtatanim at pamamahagi ng pangmedikal na cannabis. Walang parte ng MMP ang pumipigil sa mga lunsod at county sa pagpapatibay at pagpapatupad ng mga tuntunin at regulasyon na tumutugma sa CUA at sa MMP.

B. Layunin ng Kabanatang ito na kontrolin ang pagtatanim at pamamahagi ng pangmedikal na cannabis upang matiyak na itatanim at ipapamahagi ang pangmedikal na cannabis sa paraang responsable at ayon sa layunin ng mga botante ng California sa pagpapatupad ng Panukala 215, habang pinoprotektahan din ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng mga residente ng Lunsod ng San Jose. Ang mga tadhana sa Kabanatang ito ay hindi humahadlang sa karapatan ng pasyente na gumamit ng pangmedikal na cannabis sa ilalim ng batas ng Estado, at hindi rin pinapatawan ng sala ng mga ito ang pagmamay-ari o pagtatanim ng pangmedikal na cannabis ng mga partikular na tinukoy na kategorya ng mga tao. Sa ilalim ng batas ng Estado, ang mga kuwalipikado lang na pasyente at pangunahing caregiver, at ang mga kolektiba at kooperatibang binubuo ng mga ito, ang magtatanim at mamamahagi ng pangmedikal na cannabis. Ang pagtatanim at pamamahagi ng pangmedikal na cannabis ay dapat sumunod sa lahat ng tadhana ng Kodigong ito, sa mga batas ng Estadong nauugnay sa pangmedikal na cannabis at sa lahat ng iba pang naaangkop na batas ng Estado at lokal na batas. Walang parte ng Kabanatang ito ang nagpapahintulot sa, o dapat magpahintulot sa, mga aktibidad na ilegal sa ilalim ng batas ng Estado o lokal na batas.

C. Sa pagpapatibay sa Kabanatang ito at sa mga tadhana ng Pamagat 20 na nauugnay sa pangmedikal na cannabis, layunin ng Lunsod na itakda ang mga kondisyon at pamantayang dapat matugunan upang makapagtatag ng depensang nagsasaad na totoo ang ipinahayag laban sa kriminal at sibil na pagpapatupad ng Kodigong Munisipal ng San Jose kung ang nasabing pagpapatupad ay nakabatay lang sa pagkilos na kinikilala rito. Layunin ng Lunsod na ang partidong nagbanggit ng

depensang nagsasaad na totoo ang ipinahayag ay dapat makapaghain ng makatuwirang pagdududa bilang pagsunod sa Kabanatang ito at kasama na ang mga tadhana ng Pamagat 20 na nauugnay sa pangmedikal na cannabis. Sa kabila ng mga unang nabanggit, ang lahat ng taong pipiliing gumamit ng pangmedikal na cannabis ay ganap na isasagawa ito nang may pananagutan sa kanilang sarili na ang kanilang paggamit ay maaaring isang paglabag sa batas Pederal o batas ng Estado.

D. Wala dapat kagawaran, ahensiya, komisyon, opisyal, o empleyado ng Lunsod ng San Jose ang gumamit ng anumang mga pondo o mapagkukunan ng Lunsod upang tumulong sa pagpapatupad ng mga Batas sa pederal na kinokontrol na substance sa paraang hindi alinsunod ang mga ito sa mga batas sa pangmedikal na cannabis ng California, kasama na ngunit hindi limitado sa CUA at MMP, maliban na lang kung ang nasabing tulong ay iniaatas ng batas, regulasyon o utos ng hukuman ng Pederal na pamahalaan o Estado.

E. Ang Lunsod ng San Jose ay hindi dapat tumanggap ng anumang Pederal na pagpopondo na gagamitin upang magsiyasat, magparatang, mag-aresto, magdemanda, o mangumpiska ng ari-arian batay sa mga opensa maliban na lang kung legal sa ilalim ng mga batas sa pangmedikal na cannabis ng California, o lumahok sa anumang puwersang tagakilos na tumatanggap ng anumang Pederal na pagpopondo o pagbabahagi ng kita at na magsisiyasat, magpaparatang, mag-aaresto, magdedemanda, o mangungumpiska ng ari-arian batay sa mga opensa maliban na lang kung legal sa ilalim ng mga batas sa pangmedikal na cannabis ng California. Sa partikular, ang mga pagbabawal na ito sa pagtanggap ng pagpopondo at paglahok sa puwersang tagakilos ay hindi dapat ilapat sa mga sumusunod na aktibidad kung saan ilegal sa ilalim ng mga batas sa pangmedikal na cannabis ng California:

(1) Pamamahagi o pagbebenta ng cannabis sa mga menor de edad;

(2) Pagtatanim o pagbebenta ng cannabis sa pampublikong ari-arian;

(3) Pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ng cannabis; at

(4) Aktibidad ng gang na interstate o pandaigdig.

**<u>SEKSIYON 3 NG INISYATIBO – Pamagat 6 - Mga Lisensya at Regulasyon sa Negosyo</u>**

Ang Pamagat 6 ng Kodigong Munisipal ng San Jose ay sinususugan upang makapagdagdag ng bagong kabanata na bibigyan ng numero, pamagat at babasahin ayon sa sumusunod:

## KABANATA 6.88
## PANGMEDIKAL NA CANNABIS

### Bahagi 1
### Layunin

**6.88.010 <u>Mga Napag-alaman, Layunin, at Mga Direktiba</u>**

A. Noong 1996, inaprubahan ng mga botante ng Estado ng California ang Panukala 215, na may pamagat na "Ang Batas ng 1996 Para sa Maunawaing Paggamit" ("Compassionate Use Act o CUA"). Ang layunin ng Panukala 215 ay bigyan ng kakayahan ang mga taong nangangailangan ng cannabis para

sa mga pangmedikal na layunin na makuha at magamit ito sa ilalim ng mga limitado at partikular na layunin. Noong Enero 1, 2004 nagkaroon ng bisa ang Panukalang-batas ng Senado 420, na may pamagat na "Ang Batas sa Programa ng Pangmedikal na Marihuwana" ("Medical Marijuana Program o MMP"). Ang layunin ng MMP ay palawakin ang sakop ng CUA at pangasiwaan ang sama-samang pagtatanim at pamamahagi ng pangmedikal na cannabis. Walang parte ng MMP ang pumipigil sa mga lunsod at county sa pagpapatibay at pagpapatupad ng mga tuntunin at regulasyon na tumutugma sa CUA at sa MMP.

B. Layunin ng Kabanatang ito na kontrolin ang pagtatanim at pamamahagi ng pangmedikal na cannabis upang matiyak na itatanim at ipapamahagi ang pangmedikal na cannabis sa paraang responsable at ayon sa layunin ng mga botante ng California sa pagpapatupad ng Panukala 215, habang pinoprotektahan din ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng mga residente ng Lunsod ng San Jose. Ang mga tadhana sa Kabanatang ito ay hindi humahadlang sa karapatan ng pasyente na gumamit ng pangmedikal na cannabis sa ilalim ng batas ng Estado, at hindi rin pinapatawan ng sala ng mga ito ang pagmamay-ari o pagtatanim ng pangmedikal na cannabis ng mga partikular na tinukoy na kategorya ng mga tao. Sa ilalim ng batas ng Estado, ang mga kuwalipikado lang na pasyente at pangunahing caregiver, at ang mga kolektiba at kooperatibang binubuo ng mga ito, ang magtatanim at mamamahagi ng pangmedikal na cannabis. Ang pagtatanim at pamamahagi ng pangmedikal na cannabis ay dapat sumunod sa lahat ng tadhana ng Kodigong ito, sa mga batas ng Estadong nauugnay sa pangmedikal na cannabis at sa lahat ng iba pang naaangkop na batas ng Estado at lokal na batas. Walang parte ng Kabanatang ito ang nagpapahintulot sa, o dapat magpahintulot sa, mga aktibidad na ilegal sa ilalim ng batas ng Estado o lokal na batas.

C. Sa pagpapatibay sa Kabanatang ito at sa mga tadhana ng Pamagat 20 na nauugnay sa pangmedikal na cannabis, layunin ng Lunsod na itakda ang mga kondisyon at pamantayang dapat matugunan upang makapagtatag ng depensang nagsasaad na totoo ang ipinahayag laban sa kriminal at sibil na pagpapatupad ng Kodigong Munisipal ng San Jose kung ang nasabing pagpapatupad ay nakabatay lang sa pagkilos na kinikilala rito. Layunin ng Lunsod na ang partidong nagbanggit ng depensang nagsasaad na totoo ang ipinahayag ay dapat makapaghain ng makatuwirang pagdududa bilang pagsunod sa Kabanatang ito at kasama na ang mga tadhana ng Pamagat 20 na nauugnay sa pangmedikal na cannabis. Sa kabila ng mga unang nabanggit, ang lahat ng taong pipiliing gumamit ng pangmedikal na cannabis ay ganap na isasagawa ito nang may pananagutan sa kanilang sarili na ang kanilang paggamit ay maaaring isang paglabag sa batas Pederal o batas ng Estado.

D. Wala dapat kagawaran, ahensiya, komisyon, opisyal, o empleyado ng Lunsod ng San Jose ang gumamit ng anumang mga pondo o mapagkukunan ng Lunsod upang tumulong sa pagpapatupad ng mga Batas sa pederal na kinokontrol na substance sa paraang hindi alinsunod ang mga ito sa mga batas sa pangmedikal na cannabis ng California, kasama na ngunit hindi limitado sa CUA at MMP, maliban na lang kung ang nasabing tulong ay iniaatas ng batas, regulasyon o utos ng hukuman ng Pederal na pamahalaan o Estado.

E. Ang Lunsod ng San Jose ay hindi dapat tumanggap ng anumang Pederal na pagpopondo na gagamitin upang magsiyasat, magparatang, mag-aresto, magdemanda, o mangumpiska ng ari-arian batay sa mga opensa maliban na lang kung legal sa ilalim ng mga batas sa pangmedikal na cannabis ng California, o lumahok sa anumang puwersang tagakilos na tumatanggap ng anumang Pederal na pagpopondo o pagbabahagi ng kita at na magsisiyasat, magpaparatang, mag-aaresto, magdedemanda, o mangungumpiska ng ari-arian batay sa mga opensa maliban na lang kung legal sa ilalim ng mga batas sa pangmedikal na cannabis ng California. Sa partikular, ang mga pagbabawal na ito sa pagtanggap ng

pagpopondo at paglahok sa puwersang tagakilos ay hindi dapat ilapat sa mga sumusunod na aktibidad kung saan ilegal sa ilalim ng mga batas sa pangmedikal na cannabis ng California:

(1) Pamamahagi o pagbebenta ng cannabis sa mga menor de edad;

(2) Pagtatanim o pagbebenta ng cannabis sa pampublikong ari-arian;

(3) Pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ng cannabis; at

(4) Aktibidad ng gang na interstate o pandaigdig.

## Bahagi 2
## Mga Kahulugan

**6.88.200 <u>Mga Kahulugan at Konsepto</u>**
Ang mga kahulugang itinatakda sa Bahaging ito ay dapat na mangibabaw sa aplikasyon at interpretasyon ng Kabanatang ito, kasama na ang ngunit hindi limitado sa, mga terminong hindi kadalasang nagsisimula sa malaking titik kung saan ang hindi pangkaraniwang paggamit ng malaking titik ay nagsasaad ng kahulugan ng mga ito sa Bahaging ito, bagama't dapat mangibabaw ang mga nasabing kahulugan anupaman ang paggamit ng malaking titik.

**6.88.205 <u>Nanggagamot na Doktor</u>**
Ang "Nanggagamot na doktor" ay dapat pakahulugan batay sa ibinigay sa Seksiyon 11362.7 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

**6.88.210 <u>Cannabis</u>**
Ang "cannabis" at "marihuwana" ay dapat magkasingkahulugan at dapat pakahulugan batay sa ibinigay sa Seksiyon 11018 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

**6.88.215 <u>Purong Cannabis</u>**
Ang "purong cannabis" ay dapat pakahulugan batay sa ibinigay sa Seksiyon 11006.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

**6.88.217 <u>Nagtutubo</u>**
Ang ibig sabihin ng "Nagtutubo" ay ang pamamahagi ng kabuuang mga natirang kita ng kolektiba sa sinumang (mga) indibidwal maliban sa makatuwirang mga gastusin sa pagpapatakbo ayon sa tinukoy. Sa kabaligtaran nito, ang ibig sabihin ng "Di-nagtutubo" ay walang ganoong pamamahagi.

**6.88.220 <u>Kard ng Identipikasyon</u>**
Ang "Kard ng identipikasyon" ay dapat pakahulugan batay sa ibinigay sa Seksiyon 11362.7 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

**6.88.225 <u>Lokasyon</u>**
Ang ibig sabihin ng "Lokasyon" ay ang lote o parsela o bahagi ng isang lote o parsela na tinutukoy sa pamamagitan ng direksiyon sa kalye na ginamit para sa pamamahagi ng isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis.

**6.88.235 <u>Pangmedikal na Cannabis</u>**
Ang "pangmedikal na cannabis" at "pangmedikal na marihuwana" ay dapat magkasingkahulugan at nangangahulugan na cannabis na ginagamit para sa mga pangmedikal na layunin alinsunod sa Seksiyon 11362.5 *at kasunod* ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

**6.88.240 <u>Kolektibo o Kooperatiba ng Pangmedikal na Cannabis</u>**
Ang ibig sabihin ng "Kolektibo o Kooperatiba ng pangmedikal na cannabis" o "kolektiba" ay isang pinagsama o hindi pinagsamang kapisanan, na binubuo ng lima (5) o higit pang mga indibidwal na mga kuwalipikadong pasyente at itinalagang pangunahing caregiver ng mga kuwalipikadong pasyente (indibidwal at sama-samang tinutukoy bilang "(mga) miyembro") na nagsama-sama upang magkaisa o magtulungan sa pagtatanim at pamamahagi ng pangmedikal na cannabis, nang mahigpit na sumusunod sa Mga Seksiyon 11362.5 *at kasunod* ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

**6.88.242 <u>Paglilipat ng Pangmedikal na Cannabis</u>**
Ang ibig sabihin ng "Paglilipat ng pangmedikal na cannabis" ay

A. Ang paglilipat ng pangmedikal na cannabis mula sa isang pangunahing caregiver patungo sa kuwalipikadong pasyente ng pangunahing caregiver na iyon para sa nasabing pagsasaalang-alang na sapat upang ma-reimburse ang pangunahing caregiver na iyon para sa mga gastusin mula sa sariling bulsa ng pangunahing caregiver at para sa mga serbisyo ng pangunahing caregiver; o

B. Ang paglilipat ng pangmedikal na cannabis sa gitna ng at sa pagitan ng mga kuwalipikadong pasyente at pangunahing caregiver para sa pagsasaalang-alang na pinamamahalaan sa pamamagitan ng isang kapisanan ng mga kuwalipikadong pasyente at pangunahing caregiver na iyon na kumikilos bilang isang kolektiba, o sa pagitan ng mga nasabing kolektiba, at sa partikular kasama ang paglilipat ng sobrang pagtatanim para sa personal na paggamit mula sa mga miyembro patungo sa kolektiba para sa pamamahagi, gayundin sa pamamahagi mula sa kolektiba patungo sa mga miyembro nito.

**6.88.245 <u>Itinalagang Kinatawan sa Site</u>**
Ang ibig sabihin ng "itinalagang kinatawan sa site" ay isang tagapamahala na itinalaga ng kolektiba upang dumalo, at siyang dadalo, sa lahat ng oras sa mga panahon ng mga oras ng pagpapatakbo ng kolektiba.

**6.88.250 <u>Mga Gastusin sa Pagpapatakbo</u>**
Ang ibig sabihin ng "Mga gastusin sa pagpapatakbo" ay ang lahat ng makatuwiran at kinakailangang gastusin sa pagpapatakbo na naipon ng kolektiba, kasama na ang ngunit hindi limitado sa, pagtutuos, pag-aanunsiyo, mga materyales at kagamitan sa pagtatanim, pagbaba ng halaga ng pera, seguro, interes sa mga utang at credit, bayaring legal, pagbabayad sa isinangla, pagrenta, pagkukumpuni, panustos, buwis, utilidad, kabayaran sa boluntaryo at mga pag-reimburse, sahod, suweldo, payroll, binayarang singilin upang makasunod sa mga iniaatas ng Kabanatang ito, at anumang iba pang mga gastusing nauugnay sa pagkakabuo at pagpapatakbo ng kolektiba.

**6.88.255 <u>Tao</u>**
Ang "Tao" ay dapat pakahulugan batay sa ibinigay sa Seksiyon 1.04.020 ng Kodigong ito.

**6.88.260 <u>Pagtatanim para sa Personal na Paggamit</u>**
Kasama sa "Pagtatanim para sa personal na paggamit" ang pagtatanim sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod:

A. Isang indibidwal na kuwalipikadong pasyente o pangunahing caregiver ng mga kuwalipikadong pasyente na nagtatanim ng pangmedikal na cannabis para sa kanilang personal na paggamit na mahigpit na sumusunod sa Mga Seksiyon 11362.5 *at kasunod* ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California; o

B. Isang kapisanan ng personal na paggamit ng hindi hihigit sa apat (4) na indibidwal na mga kuwalipikadong pasyente o mga pangunahing caregiver ng mga kuwalipikadong pasyente at nagsama-sama upang magkaisa o magtulungan sa pagtatanim ng pangmedikal na cannabis para sa kanilang personal na paggamit na mahigpit na sumusunod sa Mga Seksiyon 11362.5 *at kasunod* ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

**6.88.265 <u>Rekomendasyon o Pag-apruba ng Doktor</u>**
Ang ibig sabihin ng "Rekomendasyon o pag-apruba ng doktor" ay ang pasalita o pasulat na komunikasyon ng isang nanggagamot na doktor na nagsasabi na ang isang kuwalipikadong pasyente ay na-diagnose ng malalang pangmedikal na kondisyon at na naaangkop ang pangmedikal na paggamit ng cannabis.

**6.88.270 <u>Mga Lugar</u>**
Ang ibig sabihin ng "Mga lugar" ay bawat gusali o ang bahagi ng anumang gusali, sa Lokasyon, kung saan matatagpuan ang kolektiba.

**6.88.275 <u>Pangunahing Caregiver</u>**
Ang "Pangunahing caregiver" ay dapat pakahulugan batay sa ibinigay sa Seksiyon 11362.7 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

**6.88.280 <u>Pribadong Pangmedikal na Rekord</u>**
Ang ibig sabihin ng "Pribadong pangmedikal na rekord" ay ang dokumentasyon ng kasaysayang medikal ng isang kuwalipikadong pasyente. Kasama dapat sa "Pribadong pangmedikal na rekord" ang rekomendasyon ng isang nanggagamot na doktor o doktor para sa pangmedikal na paggamit ng cannabis, isang kard ng identipikasyon, o ang pagtatalaga ng isang pangunahing caregiver ng isang kuwalipikadong pasyente.

**6.88.285 <u>Kuwalipikadong Pasyente</u>**
Ang ibig sabihin ng "Kuwalipikadong pasyente" ay isang indibidwal na may karapatan sa mga proteksyon ng Seksiyon 11362.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

**6.88.290 <u>Nakatataas na Tagapamahala</u>**
Ang ibig sabihin ng "Nakatataas na Tagapamahala" ay isang indibidwal na isang miyembro ng isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis at siyang, direkta o hindi direkta, sangkot sa pamamahala ng kolektiba ng pangmedikal na cannabis sa nakatataas na antas batay sa maaaring makita sa indibidwal na miyembro na siyang responsable para sa pagtataguyod, pag-aayos, pagpaparehistro, pangangasiwa, o pamamahala ng pagtakbo ng kolektiba at/o mga miyembro nito, kung saan maaaring kabilang sa pamamahala ang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod: pagsasagawa ng mga tungkulin ng presidente, bise presidente, miyembro ng lupon, direktor, may-ari, opisyal ng pagpapatakbo, opisyal ng pananalapi, kalihim, ingat-yaman, o nakatataas na pangkalahatang tagapamahala.

**Bahagi 3**
**Mga Pangkalahatang Tadhana**

**6.88.300 Iniaatas ang Pagpaparehistro**

A. Isang daan at walumpung (180) araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpapatibay sa Kabanatang ito, wala dapat tumakbong kolektiba sa Lunsod ng San Jose maliban kung at hanggang sa maghain muna ito ng form sa pagpaparehistro alinsunod sa mga tadhana ng Kabanatang ito, nabayaran ang lahat ng bayaring iniaatas ng Kabanatang ito, at nakatanggap ng Paunawa ng Nakumpletong form sa Pagpaparehistro mula sa Tagapamahala ng Lunsod.

B. Isang daan at walumpung (180) araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpapatibay ng Kabanatang ito, Dapat ay maging labag sa batas para sa isang tao o kolektiba na magpanatili, mamahala, magpatakbo, magsagawa, magkontrol o magmay-ari ng isang kolektiba maliban na lang kung ang kolektiba ay pinapanatili at pinapatakbo na mahigpit na sumusunod sa Paunawa ng Nakumpletong form sa Pagpaparehistro na naisyu ng Tagapamahala ng Lunsod.

**6.88.310 Kinikilala ang Pagsasama-sama ng Mga Mapagkukunan**

Kinikilala ng Lunsod ng San Jose na maaaring walang mga pangunahing caregiver ang ilang kuwalipikadong pasyente at maaaring hindi rin maisagawa ang lahat ng pisikal na aktibidad na kinakailangan upang makapagtanim ng cannabis para sa personal na pangmedikal na paggamit. Batay rito, kinikilala ng Lunsod na maaaring magsama-sama ang mga kuwalipikadong pasyente kasama o hindi kasama ang kanilang mga pangunahing caregiver upang bumuo ng mga kolektiba ng pangmedikal na cannabis para sa layunin ng pagkakaroon, pagtatanim, pagmamanupaktura, at pamamahagi ng pangmedikal na cannabis para lang sa personal na pangmedikal na paggamit ng mga miyembro na mga kuwalipikadong pasyente. Kinikilala ng Lunsod na hindi lahat ng miyembro ng isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis ay magsasagawa ng mga parehong gawain o mag-aambag sa kolektiba sa pantay na paraan. Batay rito, malayang makakapagpasiya ang mga kolektiba ng pangmedikal na cannabis kung paano pinakamahusay na pagsasama-samahin ang kanilang mga mapagkukunan at hahatiin ang mga responsibilidad sa pagtatanim ng pangmedikal na cannabis para sa personal na pangmedikal na paggamit ng kanilang mga miyembro na mga kuwalipikadong pasyente.

**6.88.315 Awtoridad ng Tagapamahala ng Lunsod**

Binigyan ng awtorisasyon ang Tagapamahala ng Lunsod bilang isang tungkulin sa pagkaministro na siyang mahigpit na magpapatupad at gaganap lang sa mga partikular na patakaran, regulasyon, at iniaatas ng Kabanatang ito na nauugnay sa pangmedikal na cannabis, kasama na ang paggawa ng mga form at pamamaraang iniaatas sa Kabanata para sa pagpaparehistro at ang prosesong iniaatas sa Kabanata para sa pagpapatunay ng ministro sa mga isinumiteng materyal sa pagpaparehistro batay sa pagiging kumpleto, tumpak, at kuwalipikado.

**6.88.320 <u>Pagpaparehistro – Ang Lahat ng Isusumite ay Ipoproseso sa Paunang Proseso ng Pagpaparehistro</u>**

A. Sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryong pagpapatibay ng Kabanatang ito, at hindi bababa sa tatlumpung (30) araw sa kalendaryo bago ang petsa kung kailan tatanggap ang Tagapamahala ng Lunsod ng pagsusumite ng mga form sa pagpaparehistro mula sa mga kolektiba, na hindi dapat lumampas sa siyamnapung (90) araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpapatibay ng Kabanatang ito, dapat itakda at ilathala ng Tagapamahala ng Lunsod, sa website ng Lunsod at isang beses sa isang pang-araw-araw na pahayagan na nababasa nang lahat, ang petsa, at paraan kung saan, dapat magsumite ang mga kolektiba ng mga form sa pagpaparehistro at mga iniaatas na bayarin, at aling mga form sa pagpaparehistro at mga tagubilin, kasama na ang mga aplikasyon sa sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona mula sa at para sa Kagawaran ng Pagpaplano, ay dapat ring sabay na gawing available sa website ng Lunsod at sa hard copy sa Opisina ng Tagapamahala ng Lunsod.

B. Dapat makikita sa mga form sa pagpaparehistro ang lahat ng impormasyon ayon sa iniaatas ng Tagapamahala ng Lunsod alinsunod sa Kodigong ito at tatanggapin ng Tagapamahala ng Lunsod sa inilathalang petsa sa panahon ng mga regular na oras ng negosyo.

C. Ang bawat kolektiba ay dapat magsumite kasama ng mga form sa pagpaparehistro nito ng Bayarin sa Pagtanggap ng Aplikasyon sa Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis at ng Bayarin sa Pagpoproseso ng Aplikasyon ng Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis, tulad ng itinakda sa Seksiyon 6.88.380 at ayon sa iniaatas ng Tagapamahala ng Lunsod alinsunod sa Kabanatang ito.

D. Dapat tukuyin ng kolektiba ang direksiyon sa kalye ng Lokasyon nito at dapat magsumite ng isa lang na form ng aplikasyon sa pagpaparehistro sa bawat Lokasyon.

E. Dapat simulan kaagad ng Tagapamahala ng Lunsod, bilang isang tungkulin sa pagkaministro, ang pagpoproseso sa mga form sa pagpaparehistro ng mga kolektiba sa pamamagitan ng pagpapatunay sa mga ito para sa pagiging kumpleto, tumpak, at kuwalipikado. Dapat ipasa ng Tagapamahala ng Lunsod ang mga aplikasyon sa sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona sa Kagawaran ng Pagpaplano para sa mabilisang pagpoproseso. Dapat ipagpatuloy ng Tagapamahala ng Lunsod ang pagpoproseso ng mga form sa pagpaparehistro hanggang sa maproseso ang lahat at maisyuhan ang anumang mga kuwalipikadong kolektiba ng Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro.

F. Kung hindi nakapag-isyu ang Tagapamahala ng Lunsod ng isang Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro, o tinanggihan ang pagsusumite ng mga form sa pagpaparehistro sa pamamagitan ng sulat na nagpapahayag ng mga dahilan para sa pagtanggi, sa loob ng Animnapung (60) araw sa kalendaryo mula noong pagsusumite (na bibilangin kung, at tanging kung, hiniling ng kolektiba), dapat ituring ang pagpaparehistro na kumpleto at tumpak, at ituturing na naisyu na ang Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro.

G. Magtatakda ng bagong petsa para sa pagsusumite ng mga karagdagang form sa pagpaparehistro nang sinusunod ang prosesong itinakda rito kapag 1) mayroong hindi bababa sa isang partido na nagpahayag ng interes sa pamamagitan ng sulat sa Tagapamahala ng Lunsod sa pagpaparehistro ng isang kolektiba sa isang partikular na Lokasyon, at 2) hindi bababa sa isang beses bawat siyamnapung (90) araw sa kalendaryo simula sa petsa ng pagpapatibay ng Kabanatang ito, kung saan ang nasabing panahon ay dapat mag-trigger ng mga timeline na katulad ng mga na-trigger

ng pagpapatibay sa Kabanatang ito, maliban sa animnapung (60) araw sa kalendaryo na nakalaan para sa Tagapamahala ng lunsod upang maitakda ang petsa, at paraan kung saan, dapat magsumite ang mga kolektiba ng mga form sa pagpaparehistro at iniaatas na bayarin na binanggit sa subseksiyon A sa itaas.

**6.88.330 Proseso ng Pagpaparehistro**

**A. Pagsusuri sa Pagpaparehistro**

1. Alinsunod sa Seksiyon 6.88.300, isang daan at walumpung (180) araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpapatibay sa Kabanatang ito, wala dapat tumakbong kolektiba sa Lunsod ng San Jose nang walang Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro mula sa Tagapamahala ng Lunsod. Ang taong nagnanais na makakuha ng Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro ay dapat maghain ng form sa pagpaparehistro sa Tagapamahala ng Lunsod na dapat ay naglalaman ng sumusunod na tumpak, kumpleto at makatotohanang impormasyon:

    a. Ang legal na pangalan, at anumang iba pang mga pangalan, na siyang gagamitin ng kolektiba sa pagtakbo;

    b. Ang aktuwal na direksiyon sa kalye at paglalarawan sa hitsura (hal., isang palapag na pangkomersiyong gusali, atbp.) ng Mga Lugar;

    c. Ang numero ng telepono sa site para sa kolektiba;

    d. Isang hiwalay na aplikasyon para sa isang Sertipiko ng Pagpapatunay sa Kodigo sa Pagsosona alinsunod sa Bahagi 13 ng Kabanata 20.100 ng Kodigong ito alinsunod sa pagsusog ng inisyatibong ordinansa na ito, kasama ang ebidensya na sumusunod ang lokasyon at mga lugar sa mga iniaatas ng Bahagi 9.75 ng Kabanata 20.80 alinsunod sa pagsusog ng inisyatibong ordinansa na ito; dapat ipasa ng Tagapamahala ng Lunsod ang aplikasyong ito sa Direktor ng Pagpaplano, Pagtatayo at Pagpapatupad ng Kodigo na siyang dapat agad na magsuri dito bilang isang tungkulin sa pagkaministro batay sa Bahagi 13 ng Kabanata 20.100 alinsunod sa pagsusog ng inisyatibong ordinansa na ito;

    e. Ang pangalan, direksiyon, at numero ng telepono ng tao o mga taong inawtorisa ng kolektiba na makipag-ugnayan sa Lunsod patungkol sa aplikasyon sa pagpaparehistro, kasama na ang aplikasyon sa Sertipiko ng Pagpapatunay ng Kodigo sa Pagsosona, at upang tanggapin ang Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro sa ngalan ng kolektiba;

    f. Ang sumusunod na impormasyon patungkol sa bawat Nakatataas na Tagapamahala ng kolektiba o kooperatiba:

        (1) Kumpletong legal na pangalan, at anumang (mga) alyas;

        (2) Petsa ng kapanganakan;

        (3) Isang kopya ng balidong kard ng identipikasyon na may larawan o lisensya na inisyu ng pamahalaan;

(4) Isang numero ng telepono; at

(5) Isang listahan ng anumang mga hatol ng krimen sa loob ng nakalipas na pitong (7) taon para sa anumang mga krimeng kinasasangkutan ng (a) paggamit ng karahasan, puwersa, pananakot, pandaraya o panloloko; (b) labag sa batas na pagmamay-ari, pagbebenta, pamamahagi o pagbibiyahe ng isang kinokontrol na substance; o (c) paggamit ng pera upang sumali sa kriminal na aktibidad; na dapat maging mga batayan para sa diskuwalipikasyon, gayundin ang hindi pagbubunyag.

g. Isang listahan ng mga tungkulin at gawain ng bawat Nakatataas na Tagapamahala ng kolektiba;

h. Isang kopya ng pagrenta o iba pang katulad na patunay ng karapatan ng kolektiba na gawing pagmamay-ari ang mga lugar at/o lokasyon;

i. Ang plano sa mga pagpapatakbo ng kolektiba, na dapat ay sumusunod sa mga iniaatas ng Kabanatang ito at dapat ay kinabibilangan ng:

(1) Isang plano sa pamamahala na nagpapangalan sa mga tagapamahala para sa kolektiba at nagdedetalye sa mga responsibilidad ng bawat tagapamahala;

(2) Isang listahan ng lahat ng tagapamahalang responsable para sa pagtanggap, pagtatala, at pagtugon sa mga reklamo patungkol sa kolektiba, ayon sa iniaatas ng Subseksiyon 6.88.440 (G);

(3) Isang planong panseguridad na nagdedetalye sa mga paraang panseguridad para sa lokasyon at mga lugar kasama na ang mga iniaatas na itinakda sa Kabanatang ito;

(4) Ang mga tuntunin at regulasyon ng kolektiba na dapat ay sumusunod sa mga iniaatas na itinakda sa Kabanatang ito;

(5) Ang mga oras at araw ng operasyon para sa kolektiba; at

(6) Isang plano ng palapag ng site na nagdedetalye sa layout ng lokasyon at ng mga lugar at anumang mga katabing bahagi, kasama na ang mga lote ng paradahan, na pagmamay-ari o kinokontrol ng kolektiba.

j. Isang pahayag na may petsa na nilagdaan ng isang Nakatataas na Tagapamahala na inawtorisa upang katawanin at legal na pag-isahin ang kolektiba na ang impormasyong ibinigay sa form sa pagpaparehistro at anumang nakalakip dito ay totoo, kumpleto at tama; at

k. Ebidensya ng buong bayad ng anumang mga naaangkop na buwis na dapat bayaran sa Lunsod alinsunod sa Kabanata 4.66 ng Kodigo, kasama na ang lahat ng naaangkop na parusa at interes.

**B. Pagsisiyasat ng Mga Rekord at Lokasyon na Makatwirang Papahintulutan**

1. Papahintulutan ng mga kolektiba na siyasatin ng Lunsod ang mga rekord at ang lokasyon pagkatapos magbigay ng makatuwirang paunawa at kahilingan.
2. Walang parte sa Kabanatang ito ang nag-aatas ng pagbubunyag ng anumang Pribadong Pangmedikal na Rekord ng kuwalipikadong miyembro na pasyente.

**C. Signatoryo Sa Pagpaparehistro**

Dapat isulat nang naka-print ng isang awtorisadong Nakatataas na Tagapamahala ng kolektiba ang kanyang pangalan at lagdaan ang form sa pagpaparehistro na nagpapatunay na ang lahat ng impormasyong nilalaman doon, at ang anumang mga kalakip dito, ay totoo, kumpleto at tama.

**D. Pagsisiyasat at Pagtukoy**

1. Pagkatapos matanggap ang isang form sa pagpaparehistro ng isang kolektiba, dapat magpatuloy ang Tagapamahala ng Lunsod upang masiyasat at mapatunayan ang impormasyong iniaatas sa Subseksiyon 6.88.330 (A) at patunayan ang pagsunod ng kolektiba sa mga iniaatas ng Kabanatang ito.

2. Maaari ding siyasatin ng Tagapamahala ng Lunsod ang lokasyon at ang mga lugar para sa layunin ng pagtitiyak na sumusunod ang bawat kolektiba sa mga iniaatas ng Kabanatang ito, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, Mga Patnubay sa Pagpapatakbo sa Bahagi 4.

**E. Diskuwalipikasyon Sa Pagpaparehistro**

1. Maaaring madiskuwalipika ang anumang kolektiba mula sa proseso ng pagpaparehistro batay sa mga sumusunod na dahilan:

   a. Sinadya ng kolektiba o sinumang taong nag-a-apply sa ngalan ng isang kolektiba na magbigay ng maling pahayag ng materyal na katotohanan o nag-alis ng materyal na katotohanan na iniaatas na ibunyag sa proseso ng pagpaparehistro, o anumang susog o ulat o iba pang impormasyong iniaatas na ibigay sa ilalim noon;

   b. Lumalabag ang lokasyon o mga lugar ng kolektiba sa anumang tadhana sa pagtatayo, pagsosona, kalusugan, kaligtasan o iba pang tadhana ng Kodigong ito, maliban sa mga nagtuturing sa mga kolektiba ng pangmedikal na cannabis na panggulo lang o ipinagbabawal dahil sa ipinaparatang na paglabag sa batas pederal, tulad ng ngunit hindi nililimitahan sa Seksiyon 1.13.050(A)(3), at hindi nakasunod pagkatapos magbigay ng makatuwirang paunawa at pagkakataong mapakinggan; o sa anumang batas ng Estado o lokal na batas na malaki ang epekto sa pampublikong kalusugan, kapakanan o kaligtasan at hindi nakasunod pagkatapos magbigay ng makatuwirang paunawa at pagkakataon na mapakinggan;

c. Nilalabag o nalabag ng kolektiba ang mga tuntunin at kundisyon ng anumang iniaatas ng Kodigong ito na nauugnay sa pagpapatakbo ng isang kolektiba, maliban dahil lang sa pagkakatatag nito pagkatapos ng petsa ng pagkakabisa ng Kabanatang ito, at maliban sa mga nagtuturing sa mga kolektiba ng pangmedikal na cannabis na panggulo lang, o ipinagbabawal dahil sa ipinaparatang na paglabag sa batas pederal, tulad ng ngunit hindi nililimitahan sa Seksiyon 1.13.050(A)(3), at hindi nakasunod pagkatapos magbigay ng makatuwirang paunawa at pagkakataon na mapakinggan;

d. Nadiskuwalipika ang kolektiba sa proseso ng pagpaparehistro sa ilalim ng Kabanatang ito sa isa (1) o higit pa ng mga batayang ibinigay sa Seksiyong ito sa loob ng limang (5) taon bago ang petsa ng kasalukuyang pagsubok na magparehistro;

e. Nawalan ng bisa ang pagpaparehistro ng kolektiba sa ilalim ng Kabanatang ito sa loob ng nakalipas na limang (5) taon batay sa anumang mga dahilan na itinakda sa Seksiyon 6.88.350;

f. Kumilos ang kolektiba sa paraang gumawa o nagresulta sa pagkakagulo ng publiko batay sa impormasyon, ayon sa tinukoy sa Seksiyon 1.13.050 (A) (1) o (2) ng Kodigong ito o Seksiyon 3480 ng Kodigo Sibil ng California, na pinatunayan sa isang pagdinig na naghahanap ng ebidensya;

g. Kung isang korporasyon ang kolektiba, hindi maganda ang katayuan ng korporasyon o hindi inawtorisang magnegosyo sa Estado, at wala sa proseso ng agarang pagtugon sa nasabing isyu;

h. Ang kolektiba ay may Nakatataas na Tagapamahala na:

(1) Kasalukuyang may parol o probasyon para sa pagmamay-ari, pagbebenta, pamamahagi o pagbibiyahe ng kinokontrol na substance:

(2) Nahatulan ng anumang krimen sa loob ng huling pitong (7) taon na kinasasangkutan ng mga sumusunod:

(a) Paggamit ng karahasan, puwersa, pananakot, pandaraya o panloloko;

(b) Labag sa batas na pagmamay-ari, pagbebenta, pamamahagi o pagbibiyahe ng kinokontrol na substance; o

(c) Paggamit ng pera upang sumali sa kriminal na aktibidad;

k. Nagresulta o magreresulta ang pamamahagi ng kolektiba mula sa lokasyon o mga lugar sa isang nakaambang banta batay sa impormasyon sa kalusugan, kaligtasan o kapakanan ng publiko, na pinatunayan sa isang pagdinig na naghahanap ng ebidensya;

l. Ang kolektiba ay hindi bukas at tumatakbo sa direksiyon ng kalye ng Lokasyon na tinukoy sa aplikasyon sa pagpaparehistro nito, para sa paunang proseso ng pagpaparehistro ng pangmedikal na cannabis, na hindi lalampas sa, at nagsasagawa ng mga hindi zero na pagbabayad sa Buwis sa Pagnenegosyo ng Marihuwana ng Lunsod alinsunod sa Kabanata 4.66 ng Kodigong ito para sa panahon na natapos noong, Oktubre 31, 2014, at tuluy-tuloy mula noong petsang iyon nang walang malaking pagkaantala maliban sa magandang dahilan, kasama na ang mga banta ng pakikialam ng mga ahensiya ng pamahalaan; o

m. Hindi natukoy ng kolektiba ang direksiyon ng kalye ng Lokasyon nito, o nagsumite ng higit sa isang form ng aplikasyon sa pagpaparehistro para sa iisang Lokasyon.

F. **Nakumpletong Pagpaparehistro.** Pagkatapos ng pagpapatunay na ang iniaatas na Bayarin sa Pagsusumite ng Aplikasyon at ang Bayarin sa Pagpoproseso ng Aplikasyon, tulad ng itinakda sa Seksiyon 6.88.380, ay nabayaran nang napapanahon at nang buo at na naibigay ang lahat ng kinakailangang impormasyon at na sumusunod ang kolektiba sa lahat ng iniaatas ng Kabanatang ito, dapat abisuhan ng Tagapamahala ng Lunsod ang kolektiba na ang Bayarin sa Pagpapatakbo Minsan sa Dalawang Taon at anumang naaangkop na Bayarin sa Pagsisiyasat Bawat Oras, tulad ng itinakda sa Seksiyon 6.88.380, ay dapat na ngayong bayaran sa Lunsod. Sa loob ng limang (5) araw ng negosyo mula noong matanggap ang nakaiskedyul na bayad ng kolektiba ng Bayarin sa Pagpapatakbo Minsan sa Dalawang Taon at anumang naaangkop na Bayarin sa Pagsisiyasat Bawat Oras na dapat bayaran, dapat ipadala ng Tagapamahala ng Lunsod ang Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro, at anumang kasunod na naisapanahong pagpaparehistro, sa tao o mga taong inawtorisa na tanggapin ang nasabing paunawa sa ngalan ng kolektiba.

G. **Paunawa ng Diskuwalipikasyon.** Kung hindi nabayaran ng kolektiba ang mga bayarin o buwis na iniaatas ng Kodigong ito, hindi naibigay ang lahat ng kinakailangang impormasyon, hindi sumunod sa lahat ng iniaatas ng Kodigong ito, o kaya ay nadiskuwalipika sa proseso ng pagpaparehistro, dapat magpadala ang Tagapamahala ng Lunsod ng paunawa sa taong inawtorisa na tanggapin ang mga nasabing komunikasyon sa ngalan ng kolektiba na nagsasabi sa kolektiba na nadiskuwalipika ito sa proseso ng pagpaparehistro at ang mga dahilan nito.

H. **Ituturing na Kumpleto Na ang Pagpaparehistro kung hindi Naproseso nang Napapanahon.** Kung hindi inabisuhan ng Tagapamahala ng Lunsod ang aplikante ng kolektiba na sumusunod ito at nag-isyu rito ng Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro, o inabisuhan ito na diskuwalipikado ito, sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo mula noong pagsusumite nito ng mga form sa pagpaparehistro (kung saan bibilangin ang yugto ng panahon sa, at tanging sa, kahilingan ng kolektiba), dapat ituring ang kolektiba na nagkaroon ng Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro at lahat ng karapatang legal na magmumula rito.

**6.88.340 <u>Tuntunin ng Pagpaparehistro</u>**

Matatapos ang bawat pagpaparehistro dalawang (2) taon mula sa petsa kung kailan ipinadala ng Tagapamahala ng Lunsod ang Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro sa taong inawtorisa na tanggapin ang mga nasabing komunikasyon sa ngalan ng kolektiba.

**6.88.350 Walang Bisa ang Pagpaparehistro**

Ang pagpaparehistrong itinuring na nakumpleto ng Tagapamahala ng Lunsod ay dapat mawalan ng bisa batay sa alinman sa mga sumusunod:

A. Alinman sa mga dahilang itinakda sa Subseksiyon 6.88.330 (E) patungkol sa diskuwalipikasyon, at hindi nakasunod pagkatapos magbigay ng makatuwirang paunawa at pagkakataong mapakinggan;

B. Relokasyon ng kolektiba sa ibang lokasyon o mga lugar; sa kabila ng subseksiyong ito, dapat ay may karapatan ang isang kolektiba na lumipat ng lokasyon, na isapanahon ang mga form sa pagpaparehistro nito, at na panatilihin ang Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro nito kung makatanggap ito ng Sertipiko ng Pagpapatunay sa Kodigo sa Pagsosona para sa bagong lokasyon o mga lugar alinsunod sa Bahagi 13 ng Kabanata 20.100 ng Kodigong ito batay sa pagsusog ng inisyatibong ordinansang ito;

C. Pagkatapos ng dalawang (2) taon pagkatapos ng pag-isyu ng pagpaparehistro, tulad ng itinakda sa Seksiyon 6.88.340 sa itaas; o

D. Paglabag sa mga tuntunin o iniaatas ng Kabanatang ito, pagkatapos bigyan ng makatuwirang paunawa at pagkakataong itama ang anumang mga nasabing paglabag, at pagkatapos ng paunawa at pagdinig alinsunod sa Seksiyon 6.02.200 *at kasunod* ng Kodigong ito.

**6.88.360 Pagbabago sa Lokasyon At Mga Naisapanahong Form sa Pagpaparehistro**

A. Anumang oras na babaguhin ng nakarehistrong kolektiba ang Lokasyon o Mga Lugar nito, dapat ay may karapatan itong lumipat ng Lokasyon at panatilihin ang Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro nito sa pamamagitan ng paghahain ng naisapanahong form sa pagpaparehistro sa Tagapamahala ng Lunsod para sa pagsusuri kasama ang Bayarin sa Pagsusog sa Pagpaparehistro, tulad ng itinakda sa Seksiyon 6.88.380, kung nakatanggap ito ng Sertipiko ng Pagpapatunay sa Kodigo sa Pagsosona para sa bagong Lokasyon o Mga Lugar alinsunod sa Bahagi 13 ng Kabanata 20.100 ng Kodigong ito ayon sa pagsusog ng inisyatibong ordinansang ito.

B. Sa loob ng tatlumpung (30) araw sa kalendaryo ng anumang pagbabago sa impormasyong ibinigay sa form sa pagpaparehistro o anumang pagbabago sa katayuan ng pagsunod sa mga tadhana ng Kabanatang ito, kasama na ang anumang pagbabago sa pagmamay-ari o mga nakatataas na tagapamahala ng kolektiba, dapat maghain ang kolektiba ng naisapanahong form sa pagpaparehistro sa Tagapamahala ng Lunsod para sa pagsusuri kasama ang isang Bayarin sa Pagsusog sa Pagpaparehistro, tulad ng itinakda sa Seksiyon 6.88.380.

C. Dapat isulat ng isang awtorisadong Nakatataas na Tagapamahala ng kolektiba ang kanyang pangalan at lagdaan ang anumang form na iniaatas na isapanahon, na nagpapatunay na ang lahat ng impormasyong makikita sa mga naisapanahong form ay totoo, kumpleto at tama.

**6.88.370 Pagpapanibago ng Pagpaparehistro**

A. Walang pagpaparehistrong inisyu sa ilalim ng Kabanatang ito ang maaaring panibaguhin maliban kung:

1. Naghain ng bagong form sa pagpaparehistro sa Tagapamahala ng Lunsod alinsunod sa prosesong itinakda sa Seksiyon 6.88.330 animnapung (60) araw sa kalendaryo bago ang petsa ng pagtatapos ng kasalukuyang pagpaparehistro at pagkatapos ng pagbibigay ng paunawa ng lunsod sa nasabing iniaatas sa pagitan ng isang daan at dalawampu (120) at siyamnapung (90) araw sa kalendaryo bago ang pagtatapos;

2. Ang Bayarin sa Pagpapanibago ng Pagpaparehistro, tulad ng itinakda sa Seksiyon 6.88.380, ay nabayaran na ng kolektiba; at

3. Natugunan ng kolektiba at ng mga nakatataas na tagapamahala nito ang lahat ng iniaatas ng Kabanatang ito para sa pagpaparehistro.

B. Kung walang inihain na bagong form sa pagpaparehistro, o hindi nabayaran ang mga iniaatas na bayarin bago ang petsa ng pagtatapos ng kasalukuyang pagpaparehistro, dapat ituring na natapos na ang pagpaparehistro sa petsa ng pagtatapos na nakasulat sa pagpaparehistro, at dapat abisuhan ang kolektiba at bigyan ng animnapung (60) araw sa kalendaryo para sa pagwawasto.

**6.88.380 Mga Bayarin, Singilin, at Iskedyul ng Mga Multang Pampangasiwaan dahil sa Pagbanggit**

A. Binibigyan ng awtorisasyon ang Tagapamahala ng Lunsod na singilin at kolektahin mula sa bawat kolektiba ang lahat ng bayaring nauugnay sa pagpaparehistro ng kolektibang iyon. Bago tumakbo sa Lunsod ng San Jose, pagkatapos ng paunang isang daan at walumpung (180) araw sa kalendaryo kasunod ng pagpapatibay ng Kabanatang ito, dapat bayaran nang napapanahon at buo ng bawat kolektiba ang lahat ng bayaring dapat bayaran na nauugnay sa pagpaparehistro ng kolektibang iyon.

B. Ang lahat ng bayaring nauugnay sa pagpaparehistro ng isang kolektiba ay dapat alinsunod sa itinakda sa Iskedyul ng Mga Multa at Singilin na itatakda sa pamamagitan ng resolusyon ng Konseho ng Lunsod bilang pagsunod sa seksiyong ito upang maipatupad ng Tagapamahala ng Lunsod ang proseso ng pagpaparehistro nang napapanahon batay sa Kabanatang ito, at dapat ay kinabibilangan lang ng mga sumusunod na bayarin, na napapailalim sa tinukoy na pinakamalaking halaga ng dolyar (na siyang dapat na maging halaga kung hindi nakapagtakda ang Konseho nang napapanahon) kung saan sa pinakamalaking halaga nito ay dapat mabawi ang ginastos at hindi dapat kumuha ng anumang sobrang kita, kinikilala na napakalaking kabuuang buwis sa mga pagtanggap ang binabayaran ng mga kolektiba sa Lunsod na nakapagbibigay ng milyun-milyong dolyar na kita na ganap na nakakasakop sa anumang kakulangan sa pagbawi sa gastos:

1. Isang Bayarin sa Pagtanggap ng Aplikasyon ng Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis para sa gastos ng Lunsod sa pagtanggap ng isang aplikasyon para sa pagpaparehistro, na hindi lalampas sa isang daang dolyar ($100);

2. Isang Bayarin sa Pagpoproseso ng Aplikasyon ng Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis para sa gastos ng Lunsod sa pagpoproseso ng isang aplikasyon para sa pagpaparehistro, na hindi lalampas sa isang libong dolyar ($1,000);

3. Isang Bayarin sa Pagsisiyasat Bawat Oras para sa anumang mga gastos na maiipon ng Lunsod maliban sa mga gastos na kasama sa Bayarin sa Pagpoproseso ng Aplikasyon na nauugnay sa karagdagang pagsisiyasat at pagsusuri ng isang aplikasyon para sa pagpaparehistro, na hindi lalampas sa isang daan at dalawampu't anim na dolyar bawat oras ($126/oras) na lilimitahan sa maximum na 20 oras sa bawat aplikasyon;

4. Isang Bayarin sa Pagpapatakbo Minsan sa Dalawang Taon ng Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis para sa gastos ng Lunsod sa pagpapatakbo ng isang programa ng pangangasiwa ng pangmedikal na cannabis, na hindi lalampas sa apat na libong dolyar ($4,000) bawat dalawang taon, na maaaring bayaran sa magkakapantay na installment bawat tatlong buwan ng hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500);

5. Isang Bayarin sa Pagsusog ng Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis para sa gastos ng Lunsod sa pagsusuri ng mga susog sa form sa pagpaparehistro na inihain ng kolektiba, na hindi lalampas sa limang daang dolyar ($500); at

6. Isang Bayarin sa Pagpapanibago ng Pagpaparehistro ng Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis para sa gastos ng Lunsod sa pagpoproseso ng aplikasyon na panibaguhin ang pagpaparehistro ng isang kolektiba, na hindi lalampas sa isang libong dolyar ($1,000).

C. Ang halaga ng Multang Pampangasiwaan dahil sa Pagbanggit para sa anumang paglabag sa anumang Seksiyon ng Kabanatang ito ay hindi dapat lumampas sa Isang Daang Dolyar ($100.00). Sinususugan dito ang Iskedyul ng Mga Multang Pampangasiwaan dahil sa Pagbanggit.

## Bahagi 4
## Mga Regulasyon at Kundisyon sa Pagpapatakbo

**6.88.400 <u>Mga Regulasyon at Kundisyon sa Pagpapatakbo</u>**

A. Ang mga tadhana ng Bahaging ito ay dapat binubuo ng mga tuntunin at kundisyong naaangkop sa bawat pagpaparehistro.

B. Ang mga tadhana ng Bahaging ito ay dapat binubuo rin ng mga regulasyon sa pagpapatakbo na naaangkop sa bawat kolektibang nakarehistro sa Lunsod ng San Jose.

C. Dapat ay maging labag sa batas para sa sinumang tao o kolektibang nakarehistro sa ilalim ng Kabanatang ito, o iniaatas na nakarehistro sa ilalim ng Kabanatang ito, aktuwal mang nakarehistro o hindi ang nasabing tao o kolektiba, na labagin ang alinman sa mga tadhana ng Bahaging ito.

**6.88.410 Pagsunod sa Kodigo**

Dapat sumunod ang kolektiba, mga lugar at lokasyon sa lahat ng tadhana ng Kodigong ito, kasama na ang ngunit hindi limitado sa Pamagat 17, Pamagat 20, Pamagat 23, at Pamagat 24, maliban sa mga nagtuturing sa mga kolektiba ng pangmedikal na cannabis na panggulo lang o ipinagbabawal dahil sa ipinaparatang na paglabag sa batas pederal, tulad ng ngunit hindi nililimitahan sa Seksiyon 1.13.050 (A)(3), o kapag inabisuhan tungkol sa anumang kakulangan ay dapat sumunod nang mabilis hangga't maaari o dapat iapela ang paunawa. Ang lahat ng pag-okupa, konstruksiyon at kagamitang gagamitin doon, ay dapat ganap na makatugon sa lahat ng kondisyon ng kasalukuyang estado, lokal, gusali, sunog at anumang iba pang naaangkop na tadhana ng estado o lokal na batas sa loob ng isang daan at walumpung (180) araw sa kalendaryo mula noong pagpapatibay ng Kabanatang ito.

**6.88.420 Seguridad**

A. Ang mga lugar o lokasyon ay dapat lagyan ng, at subaybayan sa lahat ng oras ng, isang web-based na closed-circuit na telebisyon para sa mga layunin ng seguridad. Ang camera at sistema ng pagrerekord ay dapat may sapat na kalidad, rendition ng kulay at resolution upang bigyang-daan ang nakahandang pagkilala sa sinumang indibidwal na nagsasagawa ng krimen saanman sa o katabi ng mga lugar o lokasyon. Dapat ay ganap na gumagana ang sistema bago ang pagpoproseso o pagtatanim ng pangmedikal na cannabis sa mga lugar o lokasyon. Ang mga pagrerekord ng pagsubaybay ay dapat panatilihin sa loob ng hindi bababa sa labinlimang (15) araw.

B. Ang mga lugar o lokasyon ay dapat mayroong sistema ng alarma sa sunog at pagnanakaw na sinusubaybayan sa iisang lugar. Dapat ay ganap na gumagana ang sistemang ito sa lahat ng oras at bago ang pagpoproseso o pagtatanim ng pangmedikal na cannabis sa mga lugar o lokasyon. Sa minimum, dapat saklawin ng alarma na ito ang buong gilid ng mga lugar o lokasyon at dapat tumuon sa mga lugar kung saan pinapalaki, pinaparami, inaani, iniimbak, inilalagay sa pakete o ipinapamahagi ang pangmedikal na cannabis. Dapat subaybayan ang alarma na ito sa lahat ng oras ng isang propesyonal na kompanya ng alarma.

C. Ang mga ilaw sa labas sa mga lugar at mga ilaw sa parte ng paradahan para sa lokasyon ay dapat balanse at hindi dapat magresulta sa pagkasilaw sa magkakatabing ari-arian, dapat tumugma sa mga sistema ng seguridad na iniaatas sa mga Subparagraph A at B sa itaas upang matiyak na ang lahat ng parte ng lokasyon ay nakikita, at dapat magbigay ng mas maliliwanag na ilaw sa lahat ng pasukan sa mga lugar. Ang iniaatas na mga ilaw sa subseksiyong ito ay dapat nakabukas mula takipsilim hanggang bukang-liwayway.

D. Ang pinatuyong pangmedikal na cannabis ay dapat iimbak sa mga gusaling ganap na nakasara, at pagkatapos ng mga oras ng negosyo ay sa isang nakakadandong vault, safe, o iba pang ligtas na istraktura ng imbakan na nakadikit sa sahig o istraktura ng mga Lugar, o kaya ay makatuwirang hindi magagalaw.

E. Walang taong pinapayagang magtaglay ng anumang baril habang nasa mga lugar o lokasyon nang hindi nakakakuha ng lisensya mula sa naaangkop na estado o lokal na ahensiya na nagbibigay ng awtorisasyon sa tao na magtaglay ng isang baril.

F. Ang mga taong magtataglay ng baril habang nasa mga lugar o lokasyon ay dapat magbigay sa Tagapamahala ng Lunsod at sa Hepe ng Pulisya sampung (10) araw bago dalhin ang baril sa mga lugar ng mga sumusunod:

1. Isang kopya ng lisensyang inisyu sa tao ng naaangkop na estado o lokal na ahensiya na nagbibigay sa kanya ng awtorisasyon na magtaglay ng nasabing baril;

2. Isang kopya ng kanyang identipikasyon sa pagpapatupad ng batas (kung nagtatrabaho siya sa isang ahensiya ng pagpapatupad ng batas); at

3. Isang kopya ng kanyang Lisensya ng pagmamaneho sa California o kard ng identipikasyon sa California.

**6.88.430 <u>Patatanim ng Pangmedikal na Cannabis</u>**

A. Wala dapat makitang pagtatanim ng pangmedikal na cannabis sa lokasyon gamit ang mga mata mula sa anumang pampubliko o iba pang pribadong ari-arian, at hindi rin dapat makita ang itinanim o pinatuyong pangmedikal na cannabis mula sa labas ng anumang gusaling ginagamit ng kolektiba.

B. Ang lahat ng lugar na nakalaan sa pagtatanim ng pangmedikal na cannabis ay dapat maging ligtas mula sa pampublikong access sa pamamagitan ng nakakandadong gate o pintuan, at anumang iba pang mga panseguridad na paraan na kinakailangan upang mapigilan ang walang awtorisasyong pagpasok.

C. Wala dapat kolektibang magpapahintulot sa mas maraming pinatuyong pangmedikal na cannabis o mga halaman sa bawat miyembro kaysa sa mga dami na pinapahintulutan alinsunod sa batas ng Estado na iiimbak o ibibigay sa Mga Lugar o Lokasyon ng kolektiba.

D. Kung pinapatubo ang pangmedikal na cannabis sa labas ng gusali, ang lugar kung saan nagaganap ang pagpapatubo ay dapat mayroong mga wastong panseguridad na pamamaraan na nakatakda upang mapigilan ang mga hindi miyembro na makuha ang pangmedikal na cannabis na tumutubo sa labas ng gusali.

**6.88.440 <u>Mga Pagpapatakbo ng Kolektiba</u>**

A. Wala dapat nakabukas na kolektiba sa pagitan ng mga oras na 8:00 p.m. at 9:00 a.m. sa anumang partikular na araw.

B. Ang mga pagbibiyahe lang ng pangmedikal na cannabis, tulad ng tinukoy sa Seksiyon 6.88.242, ang pinapahintulutan.

C. Ang mga kontribusyong produkto, kontribusyong pera at kontribusyong ari-arian na ibinibigay ng mga miyembro para sa mga gastusin sa pamamalakad ng kolektiba ay dapat mahigpit na sumusunod sa batas ng Estado. Ang lahat ng kontribusyon (ang mga ito man ay produkto, pera o ari-arian) ay dapat idokumento, sa pamamagitan ng pagsulat, sa oras ng pagtanggap ng kolektiba at alinsunod sa Bahagi 5 ng Kabanatang ito at karaniwang kasanayan sa pagnenegosyo.

D. Wala dapat mga tao na wala pang labinwalong (18) taon ang dapat pahintulutan sa lokasyon, maliban kung ang taong iyon ay isang kuwalipikadong pasyente at ang taong iyon ay sinamahan ng kanyang nanggagamot na doktor, ng kanyang magulang, o ng kanyang nakadokumentong legal na tagapag-alaga.

E. Dapat iatas ng bawat kasunduan sa pagiging miyembro ng kolektiba na walang pangmedikal na cannabis na ibinigay sa isang pangunahing caregiver ang maaaring ibigay ng pangunahing caregiver sa sinumang tao maliban sa (mga) kuwalipikadong pasyente ng pangunahing caregiver kung saan responsibilidad ng pangunahing caregiver ang pangangalaga.

F. Dapat pagbawalan ng bawat kasunduan sa pagiging miyembro ng kolektiba ang mga bumibisitang miyembro sa pag-inom ng mga inuming may alak sa mga lugar at/o lokasyon o sa parte ng paradahan para sa mga lugar at/o lokasyon.

G. Dapat magpatakbo at magpanatili ang bawat kolektiba ng numero ng teleponong matatawagan nang 24 na oras para sa pagtanggap ng mga reklamo at iba pang mga tanong patungkol sa kolektiba. Ang miyembrong kasali sa pamamahala ng kolektiba ang dapat na responsable sa pagtanggap, pagtatala, at pagtugon sa mga reklamong ito at iba pang mga tanong. Dapat panatilihin ang talaan sa mga rekord ng kolektiba at alinsunod sa Bahagi 5 ng Kabanatang ito.

H. Hindi dapat magtaglay kahit kailan ang anumang kolektiba o sinuman sa mga miyembro nito sa mga Lugar o sa Lokasyon ng anumang mga baril, maliban sa mahigpit na pagsunod sa mga batas pederal, batas ng estado at lokal na batas at sa mga Seksiyon 6.88.420 (E) at (F).

I. Ang mga kolektiba ay hindi dapat magbigay ng pangmedikal na cannabis sa sinumang miyembro nang higit sa dalawang beses sa isang araw, o sa anumang dami na higit sa limitasyon ng batas ng Estado.

J. Dapat magpaskil ng isang karatula sa madaling makitang lokasyon sa loob ng mga lugar na nagsasabi ng sumusunod: "Ang dibersiyon ng cannabis para sa mga hindi pangmedikal na layunin ay isang paglabag sa batas sa Estado. Ang paggamit ng cannabis ay maaaring makahadlang sa kakayahan ng isang tao na magpatakbo ng sasakyang de-motor o malaking makinarya. Ang paggala sa lokasyon ng isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis para sa ilegal na layunin ay ipinagbabawal ng Seksiyon 647(h) ng Kodigo Penal ng California. Nakarehistro ang kolektibang ito alinsunod sa mga batas ng Lunsod ng San Jose."

K. Dapat pahintulutan ang mga nakarehistrong kolektiba na maghatid ng pangmedikal na cannabis sa kanilang mga miyembro kapag lang ganap na sumunod sa lahat ng iba pang naaangkop na regulasyon at iniaatas ng Kabanatang ito.

L. Ang mga kolektiba ay hindi maaaring magkaroon ng anumang lisensya na magbenta at hindi dapat magbenta ng mga inuming may alak.

**6.88.450 Mga Iniaatas sa Nakatataas na Tagapamahala at Pagiging Miyembro**

A. Wala dapat sa Nakatataas na Tagapamahala o sinumang miyembro na lalahok sa aktuwal na pagtatanim at pamamahagi ng pangmedikal na cannabis ang:

1. May parol o probasyon para sa pagmamay-ari, pagbebenta, pamamahagi o pagbibiyahe ng kinokontrol na substance, o

2. Nahatulan sa loob ng huling pitong (7) taon ng anumang krimen na kinasasangkutan ng alinman sa isa sa mga sumusunod:

   a. Paggamit ng karahasan, puwersa, pananakot, pandaraya o panloloko;

   b. Labag sa batas na pagmamay-ari, pagbebenta, pamamahagi o pagbibiyahe ng kinokontrol na substance;

   c. Paggamit ng pera upang sumali sa kriminal na aktibidad; o

3. Mas bata sa labinwalong (18) taon gulang.

B. Ang mga miyembro ay dapat lumagda sa isang kasunduan sa kolektiba na nagpapahayag na hindi dapat ipamahagi ng mga miyembro ang pangmedikal na cannabis sa mga hindi miyembro at na hindi dapat gamitin ng mga miyembro ang pangmedikal na cannabis maliban sa mga layunin ng panggagamot.

C. Dapat wakasan ng kolektiba, sa pamamagitan ng anumang iniaatas na tamang proseso, ang pagiging miyembro ng sinumang miyembrong lumabag sa anumang mga tadhana ng Kabanatang ito.

D. Dapat magtalaga ang bawat kolektiba ng isa o higit pang mga kinatawan sa site, kung saan kinakailangang naroon ang kahit isa lang sa lahat ng oras ng pagpapatakbo ng kolektiba. Dapat matugunan ng mga itinalagang kinatawan sa site ang mga sumusunod na minimum na iniaatas:

1. Maging isang tagapamahala para sa kolektiba;

2. Sumunod sa lahat ng batas ng estado at lokal na batas at ordinansa;

3. Personal na magdala, sa lahat ng oras kapag nagtatrabaho siya bilang kinatawan sa site, ng balidong kard ng identipikasyon na may larawan o lisensya na inisyu ng pamahalaan; at

4. Kapag hiniling ng Hepe ng Pulisya o sinumang iba pang opisyal ng Lunsod na itinalaga sa pagpapatupad ng mga tadhana ng Kodigong ito, maipakita ang nasabing kard ng identipikasyon na may larawan o lisensya para sa pagsisiyasat.

**6.88.460 <u>Pampublikong Kaligtasan at Kaligtasan ng Lokasyon</u>**

A. Ang pagtatanim at pamamahagi ng pangmedikal na cannabis ay wala dapat negatibong epekto sa kalusugan o kaligtasan ng mga kalapit na ari-arian sa pamamagitan ng pagkakaroon ng amag, alikabok, silaw, init, ingay, mga nakakalasong gas, amoy, usok, trapiko, pag-vibrate, o iba pang mga epekto.

B. Ang pamamahagi ng pangmedikal na cannabis ay hindi dapat makapagdulot ng mga panganib dahil sa paggamit o pag-iimbak ng mga materyales, proseso, produkto o dumi.

C. Dapat tiyakin ng bawat kolektiba na ang mga pasilidad ng pagtatanim nito ay ligtas, na may wastong bentilasyon ang mga ito upang mabawasan, makontrol, o matanggal ang amoy, na wastong iniimbak ang anumang mga kemikal at pataba, at na kokontrolin o aalisin ang amag.

D. Dapat sumunod ang bawat kolektiba sa lahat ng iniaatas sa Seguridad ng Kabanatang ito, kasama na, ang iniaatas sa Planong Panseguridad ng Subseksiyon 330 (A) (1) (i) (3) at lahat ng iniaatas sa Seguridad ng Seksiyong 420.

**Bahagi 5**
**Mga Rekord**

**6.88.500 <u>Pagpapanatili ng Mga Rekord</u>**

A. Dapat panatilihin ng bawat kolektiba ang lahat ng rekord at dokumentong iniaatas ng mga Bahagi 3 at 4 ng Kabanatang ito at lahat ng impormasyon at rekord na nakalista sa ibaba:

1. Ang pangalan, direksiyon, at (mga) numero ng telepono ng may-ari ng ari-arian, naniningil ng renta sa ari-arian at/o nagrerenta ng lokasyon;

2. Ang sumusunod na impormasyon patungkol sa bawat miyembro ng kolektiba:

   a. Pangalan;

   b. Isang kopya ng balidong kard ng identipikasyon na may larawan o lisensya na inisyu ng pamahalaan;

   c. Isang kopya ng kard ng identipikasyon ng miyembro o ang rekomendasyon ng doktor para sa miyembro;

   d. Ang petsa ng pagsali ng miyembro sa kolektiba; at

3. Ang pangalan at numero ng telepono ng bawat pangunahing caregiver ng miyembro, kasama ang isang kopya ng bawat nakasulat na pagtatalaga para sa bawat kuwalipikadong pasyente na nagtalaga sa miyembro bilang kanyang pangunahing caregiver;

4. Ang pangalan, direksiyon sa negosyo at numero ng telepono ng bawat nanggagamot na doktor na nagbigay ng rekomendasyon ng doktor para sa sinumang miyembro ng kolektiba;

5. Lahat ng resibo ng kolektiba, kasama na ang ngunit hindi limitado sa lahat ng kontribusyon at lahat ng gastusing naipon ng kolektiba para sa pagtatanim ng pangmedikal na cannabis; at

6. Katibayan ng nakumpletong pagpaparehistro sa Tagapamahala ng Lunsod alinsunod sa Kabanatang ito.

B. Ang lahat ng rekord na iniaatas ng Seksiyong ito ay dapat panatilihin ng kolektiba sa loob ng 2 taon at dapat gawing available ng kolektiba sa Tagapamahala ng Lunsod at sinumang opisyal ng Lunsod na itinalaga sa pagpapatupad ng mga tadhana ng Kodigong ito, pagkatapos magbigay ng makatuwirang paunawa at kahilingan, alinsunod sa Seksiyon 6.88.330 (B) ng Kabanatang ito.

C. Maliban na lang kung nabanggit sa Kabanatang ito at napapailalim sa pagwawasto upang mapanatili ang pagiging kumpidensyal at pagkapribado ng miyembro, pagkatapos mabigyan ng makatuwirang kahilingan ng Tagapamahala ng Lunsod, ang lahat ng iniaatas na rekord ng Seksiyong ito ay dapat ibigay, kung mayroon nito, sa karaniwang electronikong anyo na dapat ay tumutugma sa mga program ng Microsoft Office at na madaling mai-import sa alinman sa Excel, Access, o anumang iba pang makabagong program ng software na itinalaga ng Tagapamahala ng Lunsod.

## Bahagi 6
## Pagsisiyasat At Pagpapatupad

**6.88.600 <u>Pagsisiyasat At Pagpapatupad</u>**

A. Ang Hepe ng Pulisya at sinumang iba pang opisyal ng Lunsod na itinalaga sa pagpapatupad ng mga tadhana ng Kodigong ito ay maaaring pumasok sa lokasyon pagkatapos magbigay ng makatuwirang paunawa at kahilingan, nang may pahintulot na hindi dapat pigilan nang walang mabigat na dahilan, at siyasatin ang lokasyon ng anumang kolektiba gayundin ang mga pagrerekord at rekord na pinanatili alinsunod sa Kabanatang ito alinsunod sa Subseksiyon 6.88.330 (B).

B. Ang Hepe ng Pulisya at sinumang iba pang opisyal ng Lunsod na itinalaga sa pagpapatupad ng mga tadhana ng Kabanatang ito ay maaaring pumasok sa lokasyon pagkatapos magbigay ng makatuwirang paunawa at kahilingan, nang may pahintulot na hindi dapat pigilan nang walang mabigat na dahilan, upang kumuha ng mga sampol ng pangmedikal na cannabis upang masuri para sa pagpapatupad ng batas o mga layunin ng pampublikong kaligtasan.

C. Ang halaga ng Multang Pampangasiwaan dahil sa Pagbanggit para sa anumang paglabag sa anumang Seksiyon ng Kabanatang ito ay hindi dapat lumampas sa Isang Daang Dolyar ($100.00). Sinusususgan dito ang Iskedyul ng Mga Multang Pampangasiwaan dahil sa Pagbanggit.

**Bahagi 7**
**Aplikasyon ng Kabanata; Iba Pang Mga Tungkuling Legal**

**6.88.710 <u>Pagsunod sa Kabanatang Ito At sa Batas ng Estado</u>**

A. Labag sa batas para sa sinumang tao na magdulot, magpahintulot o makilahok sa pagtatanim, pagmamay-ari, pamamahagi o pamimigay ng cannabis. Upang makapagtatag ng depensang nagsasaad na totoo ang ipinahayag laban sa sibil at kriminal na pagpapatupad ng mga tadhana ng Kodigong Munisipal ng San Jose, ang taong naglalayong gamitin ang depensa ay dapat makapaghain ng makatuwirang pagdududa na siya o ito ay sumusunod sa lahat ng iba pang naaangkop na mga batas ng Estado at lokal na batas, kasama na ang mga Seksiyon 11362.5 *at kasunod* ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng at ng Kabanatang ito, kung saan ang pagkakaroon ng balidong Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro mula sa Tagapamahala ng Lunsod ay dapat ituring na *ebidensyang tama* hangga't hindi napapatunayang mali na gumagawa ng pagpapalagay ng depensang nagsasaad na totoo ang ipinahayag.

B. Labag sa batas para sa sinumang tao na sadyang magsagawa ng anumang mga mali, mapanlinlang o hindi tumpak na pahayag o pagkatawan sa anumang mga form, rekord, paghahain o dokumentasyong iniaatas na dapat panatilihin, ihain o ibigay sa Lunsod sa ilalim ng Kabanatang ito, o sa anumang iba pang ahensiya ng Estado o lokal na pamahalaan na may hurisdiksiyon sa anumang mga aktibidad ng mga kolektiba.

C. Dapat ay responsibilidad ng mga nakatataas na tagapamahala ng kolektiba na tiyakin na tumatakbo ang kolektiba sa lahat ng oras sa paraang sumusunod sa lahat ng naaangkop na mga batas ng Estado at lokal na batas. Walang parte ng Kabanatang ito ang dapat ituring na nagbibigay ng awtorisasyon sa anumang mga pagkilos na lumalabag sa batas ng Estado patungkol sa pagtatanim, pagbibiyahe, pagbibigay, at pagbebenta ng cannabis.

**6.88.720 <u>Paglabag At Pagpapatupad</u>**

A. Ang bawat paglabag ng Kabanatang ito ay dapat bumuo ng hiwalay na paglabag at dapat mapasailalim sa lahat ng paraan ng remedyo at pagpapatupad na inawtorisa ng Kodigong ito. Ang anumang pagpaparatang ng panggugulo ay dapat patunayan bilang isang panggugulo batay sa katotohanan at hindi bilang panggugulo *lang.* Maaari ding isagawa ng Lunsod ang alinman at lahat ng remedyo at pagkilos na available at naaangkop sa ilalim ng mga batas ng Estado at lokal na batas para sa anumang mga paglabag na ginawa ng kolektiba at mga taong nauugnay sa, o nasasangkot sa, kolektiba.

B. Sa kabila ng paunang pagpapatunay ng pagsunod ng kolektiba sa mga tadhana ng Kabanatang ito, ang anumang kolektibang malalaman sa ibang pagkakataon na lumabag sa alinman sa mga iniaatas ng Kabanatang ito anumang oras ay mapapailalim sa mga tadhana ng pagpapatupad na ibinigay sa Seksiyong ito.

**6.88.730** **Pagsalungat sa Iba Pang Mga Kodigo**
Kung mapag-alaman na salungat ang Kabanatang ito sa anumang iba pang Kabanata, Bahagi, Seksiyon, Subseksiyon, o Pamagat, o anumang regulasyon, tuntunin, iniaatas, o gawain na ipinapahayag rito, dapat sundin ang mga tadhana ng Kabanatang ito.

**SEKSIYON 4 NG INISYATIBO – Pag-unawa sa Kodigo sa Pagsosona**

Ang Seksiyon 20.10.040 ng Kabanata 20.10 ng Pamagat 20 ng Kodigong Munisipal ng San Jose ay sinususugan dito ayon sa sumusunod. Sinusugan ang Subseksiyon B upang basahin ayon sa sumusunod:

B. Walang tadhana ng pamagat na ito ang naglalayon o dapat pakahulugan o ilapat upang pahintulutan o bigyan ng awtorisasyon ang isang paggamit o istraktura na lumalabag sa batas pederal, batas ng estado o lokal na batas, gayunpaman, basta't ang isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis na nakapaghain ng makatuwirang pagdududa na sumusunod ito sa lahat ng naaangkop na batas ng estado at lokal na batas at mga regulasyon ay maaaring magdeklara ng depensang nagsasaad na totoo ang ipinahayag sa kriminal o sibil na pagpapatupad ng kodigong ito kung saan ang nasabing pagkilos na pagpapatupad ay nakabatay lang sa mga pagpapatakbong iyon ng isang kolektibang nakapaghain ng makatuwirang pagdududa na sumusunod ito sa mga tadhana ng kodigong ito. Ang pagkakaroon ng balidong Paunawa ng Nakumpletong Pagpaparehistro ng Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis mula sa Tagapamahala ng Lunsod ay dapat ituring na *ebidensyang tama* hangga't hindi napapatunayang mali na gumagawa ng pagpapalagay ng depensang nagsasaad na totoo ang ipinahayag.

**SEKSIYON 5 NG INISYATIBO – Bukas na Espasyo at Mga Distrito ng Pagsosona ng Agrikultura**

A) Ang Seksiyon 20.20.100 ng Kabanata 20.20 ng Pamagat 20 ng Kodigong Munisipal ng San Jose ay sinususugan dito ayon sa sumusunod:
Isang bagong subseksiyon C. na nagbibigay ng kahulugan sa "Mga nililimitahang" paggamit at paano ipinapahiwatig ang mga ito sa Talahanayan 20-30, na babasahin ayon sa mga sumusunod, ang iniligay pagkatapos ng kasalukuyang subseksiyon B. na nagbibigay ng kahulugan sa "Mga kondisyonal" na paggamit, at pinalitan ang mga titik ng mga kasunod na subseksiyon nang naaayon at kung hindi naman ay hindi binago ang mga ito.

C. Ang mga "Nililimitahan" na paggamit ng lupa ay ipinapahiwatig ng titik "R" sa Talahanayan 20-30. Maaaring gawin ang mga paggamit sa mga nasabing itinalagang distrito, bilang independiyenteng paggamit, ngunit kapag naisyuhan lang ng at ganap na sumusunod na may balido at may-bisang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona tulad ng itinakda sa Kabanata 20.100.

B) Sinusugan ang Talahanayan 20-30 ng Mga Regulasyon sa Paggamit ng (OS o Open Space) Bukas na Espasyo at (A o Agricultural) Lupa ng Distrito ng Agrikultura upang maidagdag ang sumusunod na hanay at heading ng hanay sa pagkakasunud-sunod batay sa alpabeto, at ang sumusunod na tala na

binigyan ng numero kasunod nito upang banggitin sa hanay gamit ang naaangkop na numero ng tala, na nakatalaga rito bilang variable "X":

| Paggamit | Distrito ng Pagsosona | | Mga Tala at Seksiyon |
|---|---|---|---|
| | OS | A | |
| **Mga Serbisyo sa Kalusugan at ng Beterinaryo** | | | |
| Kolektiba ng pangmedikal na cannabis | - | R | Tala X; Bahagi 9.75, Kabanata 20.80 |

Mga Tala:

X. Sa kabila ng anumang iba pang bahagi ng Kodigong Munisipal ng San Jose, kasama nang walang limitasyon ang Pamagat 20 ng Kodigo sa Pagsosonang ito at anumang bersiyon ng Pangkalahatang Plano, hindi dapat ituring ang paggamit ng kolektiba ng pangmedikal na cannabis na ipinagbabawal o hindi pinapahintulutan sa anumang Distrito ng Nakaplanong Pagpapaunlad, tulad ng ngunit hindi nililimitahan sa itinalagang A(PD) na iyon, kung itinalagang "Nililimitahang" paggamit ng lupa sa Talahanayan ng Regulasyon ng Paggamit ng Lupa ng pangunahing distrito, anuman ang katayuan ng distrito ng PD o anumang nauugnay na permiso sa nakaplanong pagpapaunlad, may-bisa man o wala.

**<u>SEKSIYON 6 NG INISYATIBO – Mga Pangkomersiyong Distrito ng Pagsosona</u>**

Ang Seksiyon 20.40.100 ng Kabanata 20.40 ng Pamagat 20 ng Kodigong Munisipal ng San Jose ay sinususugan dito ayon sa sumusunod. Sinususugan ang hanay ng paggamit ng "Kolektiba ng pangmedikal na marihuwana" ng Talahanayan 20-90 ng Mga Regulasyon sa Paggamit ng Lupa ng Mga Pangkomersiyong Distrito upang basahin ayon sa sumusunod:

| Paggamit | Distrito ng Pagsosona | | | | Mga Tala at Seksiyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | CO | CP | CN | CG | |
| Kolektiba ng pangmedikal na cannabis | - | R | R | - | Bahagi 9.75, Kabanata 20.80 |

**<u>SEKSIYON 7 NG INISYATIBO – Mga Pang-idustriyang Distrito ng Pagsosona</u>**

Ang Seksiyon 20.50.100 ng Kabanata 20.50 ng Pamagat 20 ng Kodigong Munisipal ng San Jose ay sinususugan dito ayon sa sumusunod. Sinususugan ang hanay ng paggamit ng "Kolektiba ng pangmedikal na marihuwana" ng Talahanayan 20-110 ng Mga Regulasyon sa Paggamit ng Lupa ng Mga Pang-industriyang Distrito upang basahin ayon sa sumusunod:

| Paggamit | Distrito ng Pagsosona | | | | | Mga Naaangkop na Seksiyon at Tala |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | CIC | TEC | IP | LI | HI | |
| Kolektiba ng pangmedikal na cannabis | - | - | R | R | R | Bahagi 9.75, Kabanata 20.80 |

**SEKSIYON 8 NG INISYATIBO – Mga Distrito ng Nakaplanong Pagpapaunlad**

Ang Kabanata 20.60 ng Pamagat 20 ng Kodigong Munisipal ng San Jose ay sinusugan dito upang maidagdag ang sumusunod na panghuling seksiyon:

**20.60.090 Paggamit ng Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis**

Sa kabila ng anumang iba pang bahagi ng Kodigong Munisipal ng San Jose, kasama nang walang limitasyon ang Pamagat 20 ng Kodigo sa Pagsosonang ito, o anumang bersiyon ng Pangkalahatang Plano, hindi dapat ituring ang paggamit ng kolektiba ng pangmedikal na cannabis na ipinagbabawal o hindi pinapahintulutan sa anumang Distrito ng Nakaplanong Pagpapaunlad, tulad ng ngunit hindi nililimitahan sa itinalagang A(PD) na iyon, kung itinalagang "Nililimitahang" paggamit ng lupa sa Talahanayan ng Regulasyon ng Paggamit ng Lupa ng pangunahing distrito, anuman ang katayuan ng distrito ng PD o anumang nauugnay na permiso sa nakaplanong pagpapaunlad, may-bisa man o wala.

**SEKSIYON 9 NG INISYATIBO – Mga Ipinagbabawal at Regulasyon sa Pagsosona ng Mga Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis**

Ang Bahagi 9.75 ng Kabanata 20.80 ng Pamagat 20 ng Kodigong Munisipal ng San Jose ay sinusugan dito upang basahin sa kabuuan nito ayon sa sumusunod:

**Bahagi 9.75**
**Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis**

**20.80.750 Layunin**

Ang layunin ng Bahaging ito ay upang mas makamit ang mga layuning itinakda sa Kabanata 6.88 ng Pamagat 6 ng Kodigong Munisipal ng San Jose.

**20.80.755 Mga Kahulugan**

Maliban kung tahasang tinukoy sa Pamagat na ito, ang mga terminong ginamit sa Bahaging ito ay dapat pakahulugan ayon sa ibinigay sa mga ito sa Kabanata 6.88 ng Pamagat 6 ng Kodigong Munisipal ng San Jose, maliban sa mga terminong binigyan ng kahulugan sa ibaba na dapat lang magtaglay ng mga ganoong kahulugan. Ang terminong nagsisimula sa malaking titik na ginamit sa Bahaging ito na karaniwang hindi nagsisimula sa malaking titik ay naglalayong alertuhan ang mambabasa ng Bahaging ito na ang isang terminong ginamit sa Bahaging ito ay maaaring isang terminong binigyan ng kahulugan sa Kabanata 6.88 ng Pamagat 6 o sa Pamagat na ito ng Kodigong Munisipal ng San Jose, bagama't dapat sundin ang mga nasabing kahulugan malaki o maliit mang ang titik.

A. Ang ibig sabihin ng terminong "palaruan" ay anumang outdoor na pasilidad (kasama na ang anumang lote ng paradahan na katabi nito) na nilalayon para sa paglilibang, bukas sa publiko, at kung saan naglalaman ang anumang bahagi nito ng tatlo o higit pang hiwalay na kagamitan na nilalayon para sa paglilibang ng mga bata kasama na ang, ngunit hindi nililimitahan sa, mga padulasan, duyan, at teeterboard.

B. Ang ibig sabihin ng terminong "pampubliko o pribadong kolehiyo, junior college, o unibersidad" ay ang mga naakreditong institusyon ng pag-aaral sa mas mataas na antas na nag-aalok ng mga kredito at digri sa kolehiyo sa associate na antas o mas mataas.

C. Ang terminong "pampublikong pul na languyan" ay kinabibilangan ng anumang lote ng paradahan na katabi nito.

D. Ang ibig sabihin ng terminong "K-12 na paaralan," ayon sa Seksiyon 11362.768(h) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, ay anumang pampubliko o pribadong paaralan na nagbibigay ng kumpletong pagtuturo sa kindergarten o mga baitang 1 hanggang 12, kasali ang lahat, ngunit hindi kasama dito ang anumang pribadong paaralan kung saan pangunahing isinasagawa ang pagtuturo sa mga pribadong bahay.

E. Ang ibig sabihin ng terminong "pasilidad ng video arcade" ay anumang pasilidad na legal na mapupuntahan ng mga tao na wala pang 18 taong gulang, na pangunahing nilalayon para sa paggamit ng mga pinball at video machine para sa libangan na naglalaman ng hindi minimum na sampung pinball at/o video machine.

F. Ang ibig sabihin ng terminong "sentro para sa kabataan" ay anumang pasilidad ng libangan at/o himnasyo (kasama ang anumang lote ng paradahan na katabi nito), na pangunahing nilalayon para sa paggamit ng mga tao na wala pang 18 taong gulang, na regular na nagbibigay ng mga aktibidad na pang-atletiko, pangsibiko, o pangkultura.

**20.80.760** **<u>Iniaatas ang Pagsunod</u>**

A. Isang daan at walumpung (180) araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpapatibay ng Kabanata 6.88, wala dapat taong magpatakbo, o magdusa o magpahintulot sa pagpapatakbo ng, isang Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis; basta't ang isang tao ay maaaring magdeklara ng depensang nagsasaad na totoo ang ipinahayag sa isang kriminal o sibil na pagkilos na pagpapatupad na ginawa upang maipatupad ang mga tadhana ng pamagat na ito kung saan ang tao, Kolektiba o aktibidad ay makakapaghain ng makatuwirang pagdududa sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na tuntunin, tadhana at kondisyon ng Kodigong ito, kasama nang walang limitasyon ang mga tadhana ng bahaging ito.

B. Bilang karagdagan sa mga iniaatas na itinakda sa Subseksiyon 20.80.760.A sa itaas, Isang daan at walumpung (180) araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpapatibay ng Kabanata 6.88, wala dapat taong magpatakbo, o magdusa o magpahintulot sa pagpapatakbo ng, isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis hanggang sa panahon kung kailan ganap na nakapag-apply para sa at naisyu ng direktor alinsunod sa mga tadhana ng Kabanata 20.100 ng pamagat na ito ang isang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona, kung saan kinukumpirma ng sertipiko ng

pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona ang ganap na pagsunod ng isang iminungkahing kolektiba ng pangmedikal na cannabis sa lahat ng naaangkop na iniaatas sa lokasyon ng pamagat na ito. Ang aplikasyon para sa nasabing sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona ay dapat ihain alinsunod sa mga iniaatas at prosesong itinakda sa nasabing Kabanata 20.100.

C. Sa kabila ng mga unang nabanggit, ang lahat ng taong pipiliing gumamit ng pangmedikal na cannabis o sumali sa isang Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis ay ganap na isasagawa ito nang may pananagutan sa kanilang sarili na ang kanilang paggamit ay maaaring isang paglabag sa batas pederal o batas ng Estado.

**20.80.765** **<u>Pagtatanim para sa Personal na Paggamit</u>**

Ang mga tadhana ng bahaging ito ay hindi nilalayon at hindi dapat magkontrol sa pagtatanim o pagmamay-ari ng pangmedikal na cannabis para sa pangmedikal na paggamit bilang pagtatanim para sa personal na paggamit na ganap na sumusunod sa lahat ng naaangkop na batas ng estado at lokal na batas ng isang kuwalipikadong pasyente o pangunahing caregiver o kapisanan ng pagtatanim para sa personal na paggamit gaya ng tinukoy sa kodigong ito.

**20.80.775** **<u>Mga Ipinagbabawal at Kundisyon</u>**

Ang lokasyon at pagpapatakbo ng mga kolektiba ng pangmedikal na cannabis ay dapat mapasailalim sa at dapat sumunod sa lahat ng sumusunod na ipinagbabawal at kondisyong itinakda sa seksiyong ito, bilang karagdagan sa mga ipinagbabawal at kondisyong maaaring ipataw sa isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis sa ilalim o alinsunod sa iba pang mga tadhana ng Kodigong Munisipal ng San Jose o iba pang naaangkop na mga batas ng estado o lokal na batas. Ang sinumang nagpapatakbo, o nagpapahintulot o nagdurusa sa pagpapatakbo ng, isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis ay dapat sumunod sa, o dapat maging sanhi ng pagsunod sa, lahat ng sumusunod na ipinagbabawal at kundisyong itinakda sa seksiyong ito, bilang karagdagan sa mga ipinagbabawal at kundisyong maaaring ipataw sa isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis sa ilalim ng o alinsunod sa iba pang mga tadhana ng Kodigong Munisipal ng San Jose o iba pang mga naaangkop na batas ng estado o lokal na batas sa lahat ng oras sa kolektiba ng pangmedikal na cannabis; gayunpaman, kung mayroong salungatan sa pagitan ng mga tadhana ng seksiyong ito at ng mga tadhana ng anumang iba pang naaangkop na batas ng estado o lokal na batas, ang pinakamahigpit na batas na pinapahintulutang ilapat ang dapat sundin at magkontrol:

A. Para sa unang yugto ng pagpaparehistro mula noong Enero 1, 2014, at para sa mga kasunod na yugto sa oras ng pag-iisyu ng paunang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona nito, batay sa mga pederal na alituntunin sa pagpapatupad, wala dapat matagpuang kolektiba ng pangmedikal na cannabis nang mas malapit sa isang libong (1,000) talampakan mula sa anumang pampubliko o pribadong K-12 na paaralan; at

B. Para sa unang yugto ng pagpaparehistro mula noong Enero 1, 2014, at para sa mga kasunod na yugto sa oras ng pag-iisyu ng paunang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona nito, batay sa mga pederal na alituntunin sa pagpapatupad, wala dapat matagpuang kolektiba ng pangmedikal na cannabis nang mas malapit sa isang libong (1,000) talampakan mula sa anumang pampubliko o pribadong kolehiyo, junior college, o unibersidad; at

C. Para sa unang yugto ng pagpaparehistro mula noong Enero 1, 2014, at para sa mga kasunod na yugto sa oras ng pag-iisyu ng paunang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona nito, batay sa mga pederal na alituntunin sa pagpapatupad, wala dapat matagpuang kolektiba ng pangmedikal na cannabis nang mas malapit sa isang libong (1,000) talampakan mula sa anumang palaruan; at

D. Para sa unang yugto ng pagpaparehistro mula noong Enero 1, 2014, at para sa mga kasunod na yugto sa oras ng pag-iisyu ng paunang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona nito, batay sa mga pederal na alituntunin sa pagpapatupad, wala dapat matagpuang kolektiba ng pangmedikal na cannabis nang mas malapit sa isang libong (1,000) talampakan mula sa anumang pasilidad ng pabahay na pagmamay-ari ng awtoridad sa pampublikong pabahay; at

E. Para sa unang yugto ng pagpaparehistro mula noong Enero 1, 2014, at para sa mga kasunod na yugto sa oras ng pag-iisyu ng paunang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona nito, batay sa mga pederal na alituntunin sa pagpapatupad, wala dapat matagpuang kolektiba ng pangmedikal na cannabis nang mas malapit sa isang daang (100) talampakan mula sa anumang pampubliko o pribadong sentro para sa kabataan, pampublikong pul na languyan, o pasilidad ng video arcade; at

F. Wala dapat matagpuang kolektiba ng pangmedikal na cannabis sa ground floor ng mga istraktura o gusaling matatagpuan sa tunay na ari-arian na, nang ganap o nang bahagya at sa oras ng pag-iisyu ng paunang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona nito, nasa loob ng Pangunahing Pangkomersiyong Distrito ng Pagsosona ng DC-Downtown; at

G. Wala dapat matagpuan o dapat tumakbong kolektiba ng pangmedikal na cannabis sa anumang palapag ng isang nagtitinging pangkomersiyong sentro ng pamilihan na matatagpuan sa isang parsela o mga parselang may higit sa dalawampung (20) akre ang sukat sa kabuuan; at

H. Ang lahat ng aktibidad na ginagawa sa isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis ay dapat sa lahat ng oras ganap na sumusunod sa mga tadhana ng Mga Seksiyon 11362.5 at kasunod hanggang Seksiyon 11362.83 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California, dahil maaaring susugan ang nasabing bahagi paminsan-minsan; at

I. Ang mga oras kung kailan maaaring piliin ng isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis na tumakbo ay dapat nasa loob ng mga oras na 9:00 a.m. at 8:00 p.m.

J. Para sa unang yugto ng mga tinatayang paggamit sa pagpaparehistro na magsisimula pagkatapos ng Enero 1, 2014, o para sa mga kasunod na yugto ng mga tinatayang paggamit sa pagpaparehistro na magsisimula pagkatapos ng pag-iisyu ng paunang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona ng Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis, dapat ay walang epekto sa pagiging kuwalipikado nito para sa, o sa pagiging balido ng, nasabing sertipiko na dapat magpatakbo sa lupa; sa kabila ng anumang iba pang bahagi ng Kodigong Munisipal ng San Jose, kasama nang walang limitasyon ang Pamagat 20 ng Kodigo sa Pagsosonang ito, o anumang bersiyon ng Pangkalahatang Plano, hindi dapat ituring ang paggamit ng kolektiba ng pangmedikal na cannabis na ipinagbabawal o hindi pinapahintulutan sa anumang Distrito ng Pagsosona, kung itinalagang "Nililimitahang" paggamit ng lupa sa Talahanayan ng Regulasyon ng Paggamit ng Lupa ng pangunahing distrito.

**SEKSIYON 10 NG INISYATIBO - Sertipiko ng Pagpapatunay sa Kodigo sa Pagsosona**

Ang Bahagi 13 ng Kabanata 20.100 ng Pamagat 20 ng Kodigong Munisipal ng San Jose ay sinususugan dito upang basahin sa kabuuan nito ayon sa sumusunod:

**Bahagi 13**
**Sertipiko ng Pagpapatunay sa Kodigo sa Pagsosona**

**20.100.1500 Pagiging Nalalapat**

A. Ilalapat at dapat sundin ang mga tadhana ng Bahaging ito sa pag-iisyu ng mga sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona, kung saan iniaatas ang mga sertipiko sa tuwing itinatakda ng mga tadhana ng pamagat na ito.

B. Ang direktor ay inawtorisa at may tungkulin sa pagkaministro na mag-isyu ng sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona alinsunod sa mga tadhana ng bahaging ito.

**20.100.1510 Layunin**

Ang layunin ng bahaging ito ay magbigay ng proseso sa pagkaministro kung saan maaaring magbigay ang direktor ng kumpirmasyong pagkaministro ng pagsunod ng isang site sa mga naaangkop na tadhana ng pamagat na ito.

**20.100.1520 Aplikasyon**

Ang aplikasyon para sa sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona ay dapat sumunod sa mga proseso at iniaatas, kasama nang walang limitasyon ang kumpletong bayad sa mga naaangkop na bayarin, na itinakda sa Mga Bahagi 1 at 2 ng kabanatang ito, gayunpaman, basta't walang kinakailangang pampublikong pagdinig sa sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona.

**20.100.1525 Sertipiko ng Pagpapatunay sa Kodigo sa Pagsosona**

A. Ang direktor ay dapat mag-isyu, o maging dahilan ng pagsunod, ng isang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona kapag natukoy ng direktor na napatunayan ng aplikasyon ang ganap na pagsunod sa lahat ng naaangkop na tadhana ng pamagat na ito.

B. Ang direktor ay hindi dapat mag-isyu, o magpahintulot sa pag-iisyu, ng isang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona kapag natukoy ng direktor na napatunayan na hindi sumusunod ang aplikasyon sa anumang naaangkop na tadhana ng pamagat na ito.

C. Ang pagtukoy ng direktor sa ilalim ng seksiyong ito ay dapat nakasulat, sa anyo ng pag-iisyu ng isang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona o sulat na naglalarawan sa hindi pagsunod na pumipigil sa pag-iisyu ng isang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona.

D. Ang pagtukoy ng direktor sa ilalim ng seksiyong ito ay dapat maging pinal.

E. Para sa paunang proseso ng pagpaparehistro ng kolektiba ng pangmedikal na cannabis alinsunod sa Kabanata 6.88 ng kodigong ito, dapat tanggapin ng direktor ang mga aplikasyon sa sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona mula sa mga kolektiba sa pamamagitan ng kanilang mga pagsusumite ng pagpaparehistro sa Tagapamahala ng Lunsod na siyang magpapasa nito kaagad sa Direktor na siyang magpoproseso sa lahat nito bilang isang grupo sa sumusunod na paraan at sa eksaktong pagkakasunud-sunod na inilalarawan dito.

1) Dapat munang suriin ng Direktor ang mga aplikasyon para sa pagsunod sa distrito ng pagsosona gamit lang ang kasalukuyang mga talahanayan ng Regulasyon sa Paggamit ng Lupa sa Distrito ng Pagsosona sa Pamagat na ito, ayon sa pagsusog sa inisyatibong ordinansang ito, sa kabila ng anumang iba pang bahagi ng Kodigong Munisipal ng San Jose, kasama nang walang limitasyon ang Pamagat na ito, o anumang bersiyon ng Pangkalahatang Plano. Kung pinagbabawalan o hindi pinapahintulutan sa ilalim ng mga kasalukuyang talahanayan ng distrito ng pagsosona na iyon, dapat tanggihan ng Direktor ang aplikasyon sa sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona sa pamamagitan ng sulat, at dapat idiskuwalipika ng Tagapamahala ng Lunsod ang kolektiba sa pagpaparehistro sa batayang iyon.

2) Kung ang distrito ng pagsosona ay hindi pinagbabawalan o pinapahintulutan, ngunit Nililimitahan lang, sa ilalim ng mga kasalukuyang talahanayan ng distrito ng pagsosona na iyon, dapat ay susunod na suriin ng Direktor ang aplikasyon para sa ipinagbabawal sa distansya sa sensitibong paggamit at iba pang pagsunod ayon sa seksiyon 20.80.775 ng Pamagat na ito. Kung nilabag ang anumang nasabing ipinagbabawal sa distansya o iba pang iniaatas, dapat tanggihan ng Direktor ang aplikasyon sa sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona sa pamamagitan ng sulat, at dapat idiskuwalipika ng Tagapamahala ng Lunsod ang kolektiba sa pagpaparehistro sa batayang iyon.

3) Kung walang nasabing paglabag sa ipinagbabawal sa distansya o iba pang iniaatas, ang Direktor ay dapat na mag-isyu kaagad, o maging dahilan ng pag-iisyu ng, sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona at dapat abisuhan kaagad ang aplikante at ang Tagapamahala ng Lunsod.

4) Sa kabila ng anumang iba pang bahagi ng Kodigong ito, kung walang ginawang pagtukoy ang Direktor sa anumang aplikasyon sa sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona sa loob ng 30 araw sa kalendaryo mula noong pagsusumite ng mga form sa pagpaparehistro sa Tagapamahala ng Lunsod kasama na ang sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona na dapat ay agad na ipadala sa Direktor ng Pagpaplano (kung saan bibilangin ang yugto ng panahon sa, at tanging sa, kahilingan ng aplikante ng kolektiba), dapat ituring ang kolektiba na nagkaroon ng sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona para sa lokasyon at lahat ng karapatang legal na magmumula rito.

**20.100.1530** **<u>Pagiging Available ng Sertipiko – Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis</u>**

A. Ang isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis ay dapat magpanatili, o maging dahilan ng pagpapanatili, ng isang totoo at tamang kopya ng sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona na inisyu ng direktor para sa kolektiba ng pangmedikal na cannabis na iyon, sa nababasang kundisyon, sa mga lugar ng kolektiba ng pangmedikal na cannabis na iyon.

B. Ang isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis ay dapat magpresenta, o maging dahilan ng pagpepresenta, ng kopya ng sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona nito sa isang opisyal ng pulis ng lunsod o opisyal ng pagpapatupad ng kodigo ng lunsod pagkatapos magbigay ng makatuwirang paunawa at kahilingan.

**20.100.1535** **Naisapanahong Sertipiko – Kolektiba ng Pangmedikal na Cannabis**

Ang isang kolektiba ng pangmedikal na cannabis ay dapat mag-apply para sa bagong sertipiko ng pagpapatunay sa kodigo sa pagsosona sa tuwing nilalayon nitong lumipat ng Lugar, o baguhin ang mga pagpapatakbo nito sa paraang maaaring makaapekto sa mga tadhana at kundisyong itinakda sa pamagat na ito.

**SEKSIYON 11 NG INISYATIBO – Mga Pagsalungat**

Ang lahat ng ordinansa o resolusyon na salungat dito ay pinapawalang-bisa hanggang sa limitasyon ng nasabing pagsalungat at wala nang iba pa.

**SEKSIYON 12 NG INISYATIBO – Malayang Pagbubuo**

Dapat ay malayang buuin ang Batas na ito upang maipatupad ang mga layuning iyon, na ipinahayag dito.

**SEKSIYON 13 NG INISYATIBO – Regulasyon sa Buong Estado**

Ang inisyatibong ito, at ang mga tadhanang nilalaman rito, ay dapat basahin nang tugma sa anumang regulasyon sa estado ng pangmedikal na cannabis o pagsasalegal ng cannabis para sa paggamit ng may sapat na gulang na ipinapahayag sa pamamagitan ng lehislatura o sa pamamagitan ng pag-apruba ng botante sa hinaharap.

**SEKSIYONG 14 NG INISYATIBO – Ang Inisyatibo Ay Hindi Dapat Sususugan Maliban ng Mga Botante**

Ang inisyatibong ito at bawat bahagi nito ay maaari lang susugan ng mga botante ng San Jose at hindi maaaring susugan ng Konseho ng Lunsod ng Lunsod San Jose maliban kung partikular na tinukoy sa itaas, o hanggang sa magpasa ang Lehislatura o ang Mga Botante ng Estado ng California ng pinagtibay na batas sa buong estado na nagkokontrol at naglilimita sa pagtatanim ng cannabis para sa pangmedikal o iba pang gamit, kung kailan ang Konseho ng Lunsod lang ang dapat na may kapangyarihan na iakma ang inisyatibong ito sa mga bagong batas na iyon upang mabigyan ang mga nakarehistrong kolektiba ng maximum na pagkilala, proteksiyon, at pag-apruba na available sa mga kolektibang binigyan ng lisensya ng lunsod sa ilalim ng mga bagong batas na iyon, o hanggang tatlong taon mula sa petsa ng pagkakabisa ng inisyatibong ordinansang ito kung kailan ang Konseho ng Lunsod lang ang may kapangyarihang magsusog.

**SEKSIYON 15 NG INISYATIBO – Espesyal o Regular na Halalan**

Hayagang hinihiling ng mga botante ng Lunsod ng San Jose na itakda ang inisyatibong ito para sa isang espesyal o regular na halalan sa pinakamaagang panahon na mapahihintulutan.

**SEKSIYON 16 NG INISYATIBO – Kakayahang Ihiwalay**

Kung ang anumang tadhana ng inisyatibong ordinansa na ito, o ang paglalapat nito sa sinumang tao o anumang sitwasyon, ay matukoy ng hukuman ng angkop na hurisdiksiyon na labag sa batas, hindi mapapatupad o kung hindi man ay walang bisa, maaaring mawalan ng bisa, o hindi balido, ang pagtukoy na iyon ay dapat walang epekto sa anumang iba pang tadhana, o sa paglalapat ng inisyatibong ito sa sinumang iba pang tao o anumang iba pang sitwasyon at, dahil dito, maaaring paghiwalayin ang mga tadhana rito. Sa pamamagitan ng pag-apruba sa ordinansang ito, nilalayon ng mga botante na maging hayagang naihihiwalay ang bawat seksiyon at subseksiyon, ayon sa bawat bahagi, ayon sa bawat prase, at ayon sa bawat salita, at ituturing na hindi balido ang minimum na wika kung pinaghiwa-hiwalay.